

At Hindi Niya Nalalaman

Jeffersonville, Indiana USA

Agusto 15, 1965

1 Salamat, Brother Neville; pagpalain kayo ng Panginoon. Napasubo yata ako, hindi ba? Na — nais kong pasalamatang ang Panginoon nang lubos dahil sa Kaniyang pagkilos para sa anak na lalaki ni Brother Capp. Nataon kasi ito sa oras ng pagbabalik ko sa Indiana pag ganitong panahon. Alam kong hindi nila ito nirerecord; palagay ko nga'y hindi. Kaya pala, wala kasi akong nakikitang tao roon. Kaya sila'y . . . nagbalik ako upang mangaso ng squirrel. Kaya nga, sa wari ko'y kakailanganing pagtiisan ako ni Charlie, sila ni Nellie at ang iba pa sa kanila doon sa Kentucky sa loob ng isa o dalawang araw upang ako ay makapangaso ng squirrel. Kung kaya't ako'y — di bale nang hindi ko magawa ang anumang bagay, ang anumang iba pang uri ng paglilibang at ako ay pumaparito ng mga kalagitnaan ng Agosto at nangangaso ng squirrel kasama nina Charlie, at Banks, at lahat ng isang kasama nila. Parang naging tradisyon ko na ito. At kaya nga, isinama ko si Joe . . .

2 Nung nakaraang narito ako, nagkasakit kaming lahat; gawa ng pagbabago mula sa napakain it na klimang iyon tungo sa malamig na klima n'yo rito. Alam kong iniisip ninyong hindi ito malamig, ngunit subukan n'yong magpunta sa Arizona. Sandaan at siyam na degree ang init doon sa lilim nang umalis ako nung nakaraang araw; at sa bandang hatinggabi naman, nang dumating ang malamig na hangin mula sa kabundukan, ninety six degrees pa rin ang init. Kita n'yo? Hatinggabi 'yon, ha, kapag bumababa na ang malamig na simoy ng hangin. Kaya mabuting lugar iyon sa panahon ng taglamig, ngunit para iyon sa mga alakdan at mga bubuli kapag tag-init, hindi para sa mga tao. Maging lahat ng mga hayop ay nagsisitakas patungo sa mga kabundukan. Sadyang hindi nila mati is.

3 At inaayos ko ang sipat ng aking riple, at ako'y . Nais kong sabihin sa inyo ang tungkol sa batang anak na lalaki ni Brother Capp. Ang sabi ko . . . At si Joe, sadyang kailangan kong ibigay sa kaniya ang riple, dahil daig niya ako pagdating sa barilan. Naituwid na namin ang sipat nito, at tinatamaan ko na ang target sa layong I imampung yarda, at ang sabi ko kay Joe . . . Ang sabi ni Joe, "Daddy, palagay ko kaya ko iyan" (Sumakit ang ulo ng pobreng bata. Ipinapanalangin ko siya, nilagnat siya ng mataas. Sumama siya sa akin doon sa lugar na pinagsasanayan namin ng pamamaril, at . . .) Anumang ripleng twenty-two na binarena ng two over ten, kinakatagpo nito ang line of fire sa layong dalawampu't limang yarda at muli sa layong limampung yarda, na para na ring two over ten. Kaya't - kaya't pinatama ko iyon sa layong dalawampu't limang yarda. Kaya't may dalawa pa akong tack at ikinabit ko ang mga iyon at tinamaan pareho ni Joe ang mga tack. Naubusan na ako ng tack, kaya't ang inilagay ko roon ay ay isang maliit na piraso ng kalapating yari sa kley na binaril nila roon, yun bang binabaril ng mga trap shooter, mga ikaapat na bahagi lamang ng pulgada ang lapad nito, at dinala ko iyon sa layong I imampung yarda, at nahati iyon sa dalawa. At ang teleskopyo nito ay sinukat para sa mga mata ko, at ilang taon din ang tanda ko sa kaniya. Kaya ang sabi niya, "Alam mo? Kailangan kong dumaan kay Billy at sasabihin ko kay Billy na huwag na siyang haharaha sa daraanan ko mula ngayon." Kita n'yo?

Kaya ang sabi ko naman, "Buweno, ito ang sasabihin ko sa iyo"; ika ko, "puntahan natin si Brother Norman at ipakita natin iyan sa kaniya."

4 Ang sabi ko, "Joe, sa mga paligsahan sa buong mundo . . ." Kahit sino pa iyon, walang sinuman . . . Ngayon, hindi patagilid ang pagkakabaon ng mga tacks na iyon; tuwid na tuwid ang pagkakabaon ng mga iyon. At ang basag na pirasong iyon ay hindi lalagpas sa, wari ko'y ikaapat na bahagi ng isang pulgada at isang labing-anim na bahagi ng pulgada ang kapal nito at ikaapat na bahagi ng pulgada ang taas nito, hinati niya iyon sa dalawa sa layong limampung yarda. Ang sabi ko, wala nang makadadaig diyan sa buong mundo. Maaari nilang Maaaring magawa iyan ng mga kampeon, ngunit hindi mo kayang higitan ang tatlong magkakasunod na patamang ganiyan. Hindi bumaluktot ang tack, tuwid na tuwid ang butas sa papel kung saan tumagos. At ang sabi ko, "Wala nang makadadaig sa patamang iyan." Wari ko'y napawi kaagad ang sakit ng ulo niya.

At ang sabi ko, "Buweno, ipakita muna natin ito kay Brother Norman," na noon ay nagtatrabaho sa Field and Stream, doon sa tindahan ng sporting goods ni Brother Stromei.

Ang sabi niya, "Dumaan muna tayo kina Billy." Ang sabi niya, "May gusto lang akong sabihin kay Bubby." Kita n'yo? At sa tahasang pananalita, noon lang nakapagpatama ang kapatid niya ng gano'n ..?.. nang gano'n kahusay. Ang sabi niya, "Dumaan muna tayo roon."

5 At pagpasok ko sa pintuan, nakapajama pa si Billy. At ang sabi niya, lumabas kami nang maaga, kasi masyadong maalinsangan, kaya ang sabi niya . . . Kumiriring ang telepono, at ang sabi ko... Sinulyapan niya ako nang paganiyan. Ang sabi ko, "Baka tawag iyan ng maysakit." At si Brother Capps pala iyon na tumawag para sa kaniyang anak na lalaking nasa operating room na noon ay may peritonitis at nakabinbin iyon. At kanikanina lang ay sinabi niya sa aking umiigi na nang husto ang kaniyang anak na lalaki.

Kaya nakikita n'yo ba kung papaanong isinagawa iyon ng Diyos, sa pamamagitan ng tinig ng munting batang lalaking iyon na si Joe. Sa halip na magtungo kami kina Brother Norman ... Hindi na sana kami

pupunta roon, at nagtungo kami roon, at tuloy ay nagkasama kami ni Brother Capps. Hindi ko sinasabing ang mga panalangin namin ang may gawa niyon, ngunit mahalaga para sa kaniya na magkaugnay kami nang gayon. At tapatan lang, iyon ang dahilan . . . Buweno, kailangan mong — kailangan mong magkaraon ng pananampalataya sa kung anong ginagawa mo. Kita n'yo? At iyon — sumampalataya siya nang tumawag siya, at si Billy ay . . . Gumugol siya ng pera, at ang sabi niya, "Malamang na ito'y long distance," ika niya, "gumugol siya ng halos limang dolyar na halaga ng barya para sa tatlong minutong tawag." Ang akala ko ay galing iyon sa New York o sa isa sa mga isla o sa iba pa, ngunit person to person ang tawag na iyon upang si Billy ang makausap niya sa halip na si Loyce (Kita n'yo?), at gano'n kamahal ang binayaran niya para magawa niya iyon.

At ngayon, ang anak niyang lalaki ay umiigi na. Ang sabi ni Brother Capps napakaliit na pag-asa ang ibinigay ng duktor na makalalabas siya roon (Kita n'yo?), sa operasyon, at nagpapasalamat tayo sa Diyos sa umagang ito: labis tayong nagagalak dahil sa Kaniya.

6 Ngayon, dumating kami kaninang bago magliwanag, at ngayon, mga tatlong oras ang naitulog ko, at pagod na pagod ako. Ngunit nang — pagsapit ng oras ng simba, aba'y, pumarito na kaagad ako.

At ako, kung loloobin ng Panginoon . . . Ngayon, kailangan kong magpunta sa Kentucky, gaya ng nasabi ko; pagkatapos ay naipangako kong mangusap ng Linggo nung huling narito ako, at makabubuting tuparin ko na iyon sa susunod na Linggo, sapagkat sa susunod ako'y... Kinakailangan kong bumalik dahil magtutungo muli ako sa Canada. Kaya makabubuting gawin ko na iyon sa susunod na Linggo, sa susunod na Linggo ng umaga.

At ang sabi ni Brother Neville, "Ba't di ka lumabas doon, at batiin mo ang mga tao, at mangusap ka sa kanila ng ilang sandali?" Ang sabi ko, "Brother Neville, halos hindi ko nabuksan ang Biblia ko," ika ko, "A —ako'y . ." Ang sabi niya, "Buweno, lumabas ka at mangusap ka lang sa kanila."

Sister Neville, hindi ko alam kung papaano mo nagagawang . . . Napakahusay niyang mangumbinsi. Ha ha.

Ngunit habang

7 Wala akong pagkakataong sabihin ito kung ganitong punong-puno ang lugar na ito, at siksikan ang tao, at lahat na, ngunit ako'y labis na nagpapasalamat sa Diyos dahil sa isang pastor na tulad ni Brother Orman Neville: tapat siya, tapat siya sa abot ng kaniyang makakaya sa ating adhikain, at hindi ko siya kailan man narinig na nagrereklamo. 16 Umupo ako roon. Kalahating oras ko siyang nakausap habang nasisiyahan ako sa pakikinig kay Brother Mann; kaya, sasabihin ko sa kaniya ang higit pa tungkol sa bagay na iyon pag naroon na kami sa Colorado sa taong ito.

Kaya nga habang nasisiyahan kami sa kaniyang mensahe; at nagkaroon kami ng mainam na pakikipag-usap kay Brother Neville. Ang sabi ko, "Ni wala akong nasabi tungkol sa ating mabuting pastor." Ang sabi ko, "Maayos ba ang pakikitungo sa iyo ng mga tao?" Ang sabi niya, "Walang kasing inam." 18 At ang sabi ko, "Buweno, nagagalak akong marinig iyan." Kapag ang pastor ay nasisiyahan, at ang mga tao ay nasisiyahan, talagang maganda ang kalalabasan ng iglesia. At maging ang Diyos ay nasisiyahan din. At sa palagay ko, ang makita silang kapuwa nasisiyahan, lalo na sa panahong ito ng Mensaheng dinadala natin. Sa palagay ko'y ipinapakita niyan ang pagkakatumang ng mensahe sa mga tao at sa Diyos. Kita n'yo?

8 pagkakatumang ng mensahe sa mga tao at sa Diyos. Kita n'yo?

At labis akong nagpapasalamat para kay Brother Norman Neville at sa kaniyang maybahay at pamilya. At idinadalangin kong sila ay panatilihin ng Diyos na tapat sa Kaniya at sa layunin. At kung ikalulugod Niya, nawa ay nakatayo tayo dito sa Tabernakulo kapag dumating ang Panginoong Jesus para sa atin (Kita n'yo?), upang kunin Niya tayo sa pag-agaw.

Umaasa akong magiging napakatanda na natin, Brother Neville, na magaakbayan tayo sa pagkakataong iyon, at tatayo tayong pareho nang nakatungkod at nagsisikap magpatuloy. Kita n'yo? Gayon man ay mababago ang anyo natin sa isang saglit, sa isang kisap-mata. Ang lumang balabal na ito ng laman, huhubarin namin at magbabangon kami, at tatanggapin namin ang walang hanggang gantimpala, at sisigaw kami habang pumapaimbu log kami sa himpapawid. Paalam, paalam, matamis na oras ng panalangin. Nakaakyat na tayo sa pagkakataong iyon.

9 Nabalitaan ko ang tungkol sa paggaling ni Brother Coomer mula sa Panginoon, at labis akong nagpapasalamat dahil doon. Napakaraming bagay ... Kaya't nagpapasalamat ako na ako'y naririto sa umagang ito, at naisip kong sa hal ip na Sa tuwina ay pumaparito akong dala ang isang teksto at nangungusap . . . Naisipan ko lang na lumabas at magtungo rito kaninang umaga. Ang sabi ko, "Brother Neville, mamatyagan kong maigi ang orasan, at marahil ay mapalalabas natin ang mga tao sa tamang oras, at — at nangungusap lang ako sa inyo mula sa aking puso, nang ilang minuto; mga bagay - bagay ito na kailangan nating — alam kong hindi nila ito itini-tape o anuman, kaya magkaron lang, tayo ng

isang pagsasama-sama habang mga taga simbahan lang ang naririto (Kita n'yo), tayo-tayo lang." Kaya't manalangin tayo.

10 Mahal naming Jesus, kami ay nagpapasalamat sa Iyo dahil sa pribilehiyong nasa amin upang magsamasama, dito, at oh, at sa pagtingin ko sa tabernakulong ito kaninang madaling araw makaraan ang hating gabi, pagdaan ko, naisip ko kung papaanong sinamahan Mo ito. Naiisip ko andating tubigan na naririto, ang matataas na damo na nakatayo malapit sa kinaroroonan ng pulpitong ito. Bilang isang bata tumayo ako rito. Ang sabi ni Mr. Ingram mapapasa amin ang tote sa maliit na halaga lamang, at kung magbibigay lang kami ng paunang-bayad, kahit wala kaming pera, walang kolateral, o anumang maaaring ialok, kundi susubukan lang namin. Kung papaanong noon, ang totoong kabuuang halaga nito ay labis ng kaunti sa dalawang libong dolyar, na babayaran sa loob ng dalawampung taon.

At ngayon, Panginoon, tingnan Mo po ito ngayon. Nang ito ay nagpapasimula pa lamang, nang ito ay nakapuwesto pa sa isang hukay dito, pinapasok ng tubig, ipinangako Mo sa amin sa pamamagitan ng Salita: "Ako, na Panginoon ang nagtanim nito; didiligan Ko ito araw at gabi baka agawin ito ng sinuman sa Aking mga kamay."

Nang mga panahon ding iyon ang mga tao ay nagsabi, "Sa loob ng anim na buwan, magiging isa na lamang itong garahe."

11 Subalit tunay na libu-libong mga kaluluwa ang nakasumpong kay Cristo sa altar sa ito. At ang tabernakulo, ang bautismuhan ay parating . . . Ang mga tao ay nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na tumatawag sa Kaniyang Pangalan, na nagpapahugas ng kanilang mga kasalanan. Daandaang mga pilay, mga taong may karamdaman, bu lag, pingkaw, lumpo, mga taong nilalamon na ng cancer, ay nagsial is sa platapormang ito, nagsipasok silang mga naghihingalong mga kalalakihan, mga kababaihan, mga batang ialaki't babae, nagsilabas sila upang mamuhay ng isang bagong buhay na may sariwang laman sa kanilang mga katawan at nakalalakad nang muli, at iniwan nila ang kanilang mga wheelchair, mga saklay at iba pa. Oh, Diyos, sa tatlumpung taon ng pagiiiingkod na ito... 26 Ama, alalahanin Mo po ang umagang inilatag namin ang batong panulukan. At ibinigay Mo ang pangitain doon, ipinakita Mong ang Lugar ay punung-puno at nagsisiksikan ang mga tao, isang magandang panulukan; alam kong hindi iyon maaaring mabigo. Kaya't pinasasalamatang kita sa lahat ng mga bagay na ito.

12 Marami sa kanila ang nakibaka ng mabuting pakikibaka, at natapos na ang kanilang takbuhin, at napanatili ni la ang pananampalataya, mga nakahimlay na sila roon, naghihintay, namamahinga na sa kanilang mga pagpapagal at ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila, naghihintay sa oras ng pagtunog ng trumpeta upang magbangong muli tungo sa bagong buhay, sa isang bagong katawan. Marami sa kanila ang matatanda na at nanginginig na, ang ilan naman ay mga bata pa, mga nasa gitnang-gulang at iba pa . . . Ngunit ang Iyong Pangalan ay mapapurihan sa lahat ng ito.

Ngayon, mull kaming nakatayo rito, sa harapan ng mga nabubuhay at mga patay. Idinadalangin kong pahiran Mo ang Iyong Salita ngayong umaga. Wala akong alam na anumang dapat sabihin, ngunit dumadalangin akong ipagkaloob Mo iyon; na siya Mo namang laging ginagawa, Panginoon.

Pagpalain Mo po ang aming pastor, si Brother Neville; pati na ang kaniyang maybahay. Pagpalain Mo po ang lupon ng mga trustee at diyakuno, ang bawat miyembro ng Katawan. Nawa ay makapamuhay kami nang magkakasama sa buhay na ito, na sa buhay na darating ay magkaroon kami ng Buhay na Walang Hanggan. 30 Tulungan Mo po kami ngayong umaga na tumanggap ng pagtutuwid mu la sa Espiritu at sa Salita, nang magawa naming maihanda ang aming mga sarili sa paglisan namin sa mga pintuan sa umagang ito, determinado kami sa aming mga puso na mamuhay ng mas mabuti kaysa ng mga nakaraang panahon. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

13 Ngayon, kabubukas ko lang ng Biblia dito, at nangyaring kani-kanina lang ay . . . Nasa Apocalipsis 3 ako, kaya't babasa na lang ako rito, sa mensahe sa iglesia sa Laodicea. At nais ko ring ianunsyo, (Kasabi lang sa akin ni Brother Neville.) si Brother Parnell (Napatingin ako at nakita kong nakaupo siya rito) ay nagdaraos ng isang revival, sa gawing ito ng Memphis, at ang — ang . . . Kung may nakakaalam sa inyo kting saan naroroon ang dating Wimpy, na tindahan ng hamburger, may tolda siyang nakatayo roon, nagsisikap na makapagpasok ng mga inaning bigkis at upang malaman kung may mga naliligaw sa landas na nakatakda sa Buhay, na maaari niyang mailapit kay Cristo sa pamamagitan ng kaniyang ministeryo. At itinitigil niya iyon pag Linggo dahi I sa mga gawaing idanadaos sa Tabernakulo, at sadyang napakatapat ng kapatid na ito. At nais naming malaman ninyo na ang gawain ay bubuksan sa Lunes ng gabi sa makalawang lingo, at alam kong kayong lahat ay taus-pusong inaanyayahang makinig kay Brother Parnell sa paghahatid niya ng mensahe ng pag-ibig ni Cristo.

14 At ngayon, bumasa tayo sa ikatlong kabanata ng Apocalipsis, isang bahagi lamang upang mavbing binasa natin ang Biblia, sapagkat anumang sabihin ko ay maaaring mabigo, ngunit anumang sabihin Niya ay hindi mabibigo. At hindi ko alam kung saan ako magsisimula, kung anong gagawin ko, kung saan ako tutungo, ngunit basahin natin ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea. At sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng

pasimula ng paglalang ng Dios: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, . . . ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit.

Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, isusuka kita sa aking bibig. Sapagkat sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba, . . . maralita, . . . dukha, . . . bulag, . . . hubad: Ipinapayo Ko sa iyo na ikaw ay bumili sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman; . . . mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita. Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi.

15 Alam n'yo, sa bandang iyan sa aking pagbabasa, ako'y — kung pagpapaumanhinan ninyo ako sandali, nakakita ako ng isang bahaging napakaganda sa aking pandinig. At hindi ko alam kung scan na naroroon iyon ngayon. Heto: "At hindi mo nalalaman, aba, maralita, dukha, bulag, hubad." Ay, naku. Ganiyan ang larawan ng iglesia ng panahong ito. Ngayon, ito'y . . . Sa wari ko ang kapanahunan ng iglesiang ipinangungusap natin . . . Anupa't papalabas na ang kapanahunan ng iglesia sa anyo ng mga aklat. Ngunit dahil sa ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea ang kinaroroonan natin, tingnan lang natin ang mga kalagayan nito.

Ayaw kong kumuha ng anumang teksto o anuman, sapagkat hindi tayo . Magaang na pangungusap lang ito, habang tinitingnan natin kung magagawa nating mangusap tungkol sa anumang bagay ayon sa pangunguna sa atin ng Panginoon. Ngunit isang bagay na makatutulong sa atin . . . 35 Pag-isipan natin ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea, at ang kalagayan nito, sa araw na ito. Sa abot ng nalalaman ko, wala akong nakikitang anumang bagay na makahahadlang sa panahong ito sa pagdating ng Panginoong Jesus, maliban sa pagiging handa ng Kaniyang iglesia. Sa palagay ko isa iyan sa mga pangako.

16 Kahapon habang nakasakay ako sa kotse patungo rito . . . Dalawang araw kaming nagmaneho mula Tucson hanggang dito, hustong dalawang libong milya, kami ni Billy. Kaya ... Ngayon, hindi kami sumuway sa speed limit. Nanatili kami sa tamang . . . Nakaupo ako roon kapag nagmamaneho siya, at ako'y . . . Ako'y talagang - nakaamba ang aking mga kamao na parang nakakasang shot gun. Kapag nakikita ko siyang tumatakbo nang . Ang sabi ko, "Sandali lang, iho." Ngayon, ang sabi sa atin, "Ibigay kay Cesar ang kay Cesar." 37 At pagdating namin dito kagabi, may isang batang babaeng nakahandusay sa daan, mga tatlong taong gulang siya; patay na ang kaniyang ina doon sa kanal. May isang lasing na lalaking galing sa ROTC, lab ing walong taong gulang siya, siyento bente per ora ang bilis ng patakbo niya sa kaliwang linya ng kalsada: nakapatay siya, at sa palagay ko ay agaw-buhay din siya. Kaya doon mo mapagtatanto kung ano iyon. "Ibigay mo kay Cesar ang kay Cesar."

17 Namamatay ang mga inosenteng tao. Isang tatlong taong batang babae ang nawalan ng buhay, dahil sa isang lasing na sundalo (Kita n'yo?) na nagpapatakbo ng sandaang milya bawat oras, iyon ang tantiya nila, sa maling panig ng kalsada. Paakyat sila ng burol at siya namang pagbulusok nito paibaba, at ikinamatay nila itong lahat doon. Ako'y . . . Agaw-buhay din siya, kaya . . . Kaya makikita n'yo, bagama't ang inosenteng mga tao ay gumagawa ng...

Ngayon, ang lalaking iyon ay nagkasala ng walang awang pagpatay. Kita n'yo? Sa palagay ko kung ang isang tao ay mahuhuli sa daan na um i inom, dapat siyang bigyan ng eksaktong sampung taon dahil sa wala sa panahon at sadyang pagpaslang: kahit sino pa siya. 'Pagkat sadyaan nilang . . . Sinumang taong...

18 Hindi tayo kailan man makagagawa ng mabuti sa larangan ng pulitika. Ito'y bulok na. Ang ideya ng Diyos ng pagkakaroon ng hari, ng isang matuwid na hari, ay tama. Ngunit ang pulitika ay sadyang laganap na; maaari nang suhulan ang lahat ng bagay: dayaan, kasinungalingan, nakawan, at lahat na tulad ng sinabi ko isang Linggo na ang nakararaan. At tingnan ninyo kung nasaan na kayo. Kita n'yo, mistula na itong isang kimpal na kabuktutan. Ngunit ang isang matuwid na hari ay maaaring lumikha ng sarili niyang mga batas. At maaari kang pumatay ng tao, kung maalam ka sa pulitika; walang problema iyon; malulusutan mo iyon. Kita n'yo? Kaya ito'y — ito ang Ang Demokrasya ay isang mabuting kaisipan, ngunit hindi ito gagana. Katulad din naman ng Komunismo, lahat ay pag-aari ng lahat. Maganda iyan sa pandinig, ngunit hindi iyan gagana. Hindi. Ang paraan ng Diyos ng pagkakaroon ng isang haring tulad ni David ay tama. At iisa ang pag-iisip ninyo na nakasentro sa . Tulad din ng isang pinuno sa isang grupo ng mga gansa o ng iba pa. Hindi ka maaaring kumuha ng dalawa o tatlong pinuno. Kung magkakagayon ang mangyayari, magkakagulo sila, kung may mai isip kang ideya. Kaya makikita nating ang mga kundisyon ngayon ay handa na sa pagdating ng Panginoon.

19 Ngunit samantalang kami ni Brother Neville, at ang iba pang mga kapatid na ito ay nagsisikap magpastol ng mga tupa, may isang bagay na nasa isip ko ngayon, na dumarating na maaari nating pag-usapan. Lyon ay, nakatanggap ako ng isang sulat nung isang araw mula sa isang butihing dilag. Hindi iyon tuwirang ipinadala sa akin; dumaan iyon sa ibang tao.

At tunay ngang inaatake niya ako, o sinusubukan niya. Sinasabi niya, "Ginawa n'yo na ba . . . Hindi

ba kayo makagagawa ng isang bagay, kayong mga Christian Business Men para pigilan si Brother Branham?" Ang sabi, "Sapagkat naglabas na siya ng isang aklat na ang tawag ay "Kapanahunan ng iglesiang Laodicea,' at maglalabas siya ng marami pa." At ang sabi pa, "Sadyang inaatake niya nang husto ang doktrina ng Pentecostal." Ang sabi, "Ngayon sinasabi niyang hindi raw panimulang ebidensya ang pagsasalita sa iba- t-ibang wika." At ang sabi, "Pagkatapos ay laban siya sa mga babaeng mangangaral." (At isa itong mangangaral na babae.)

At ang kaniyang mga anak na lalaki ay ilan sa mga pinakamatalik kong kaibigan sa buong mundo, siya'y . . . Ilan sila sa mga pinakamatalik kong kaibigan. At ang sabi niya .

20 At ang mag-asawang ito (Kasama ko siyang nag-aalmusal), ang sabi nila, "Brother Branham, tignan mo ito, aakalain mo ba ang ganito?" at inilabas niya ang sulat. Ang sabi ko, "Buweno, sister, hindi niya fang naiintidihan."

Sinabi sa akin ng mga anak niya na ang kanilang ina ay isang babaeng mangangaral at hindi siya sumasang-ayon sa mensahe. At ngayon, ang sabi niya rito — ang sabi niya, "Ang sabi niya, Ang mga kababaihan ay hindi dapat magkaroon ng pamamahala sa mga kalalakihan." Ang sabi, "Paano si Febe sa Biblia, na katulong ni Pablo."

Oo nga. Isa siyang mangangalakal ng mga paninda. At hiniling ni Pablo sa mga taong . . . Sa palagay n'yo ba ay sasabihin ni Pablong, "Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesia," hindi niya sila pinahihintulatang magsalita, at pagkatapos ay babaliktad siya at magsasabing, "Ngayon, si Febe na aking katulong sa Ebanghelyo, mangangaral siya ng ilang gabi." Aba'y sasalungatin niya ang sarili niyang salita. Kita n'yo?

Ang sabi pa, "At sa ibabaw ng lahat ng ito", (Sa paniwala ko ay si Esther iyon, na isa sa mga hukom sa Biblia), ang sabi. "may isang babaeng hukom sa Biblia. Kung hindi ba naman iyan kapamahalaan sa lalaki ...

21 At ang ang negosyanteng napagaling dito sa simbahan di pa katagalan, ang sabi niya . . . Ngayon, ang sabi ng maybahay niya, "Brother Branham, noon pa ako nalilito riyan." Ang sabi ko, "Bakit, Sister, papaano kang nalilito diyan?" Ang sabi niya, "Buweno, narito ang isang babaeng hukom." Ang sabi ko, "Iyan ay pu I itika, hindi iglesia. Wala iyang kinalaman sa iglesia.

Ang sabi ni Pablo, ' Sila ay pasakop, gaya naman ng sinasabi ng kautusan.'" At hindi maaaring ihalal ng kautusan ang isang babae upang maging isang saserdote, hindi maaari Hindi kayo makakakita ng isang babaeng punong saserdote; hindi kayo makakakita ng isang babaeng saserdote saan man sa Biblia. Hindi kayo makakakita ng isang babaeng mangangaral sa Biblia. Tiyak nga, ang ilan sa kanila ay mga propetisa at iba pa, si Miriam at iba pa, at si Esther o isa sa kanila ay naging isang hukom sa Israel. Noon kasi ay mga reyna sila at iba pang tulad no'n, mga hari't reyna. Sa pagkamatay ng hari, kinakai langang ang reyna ang pumal it sa kaniya hanggang sa makapaghalal sila ng panibagong hari, at iba pa.

22 Sa Tucson — sa Tucson, Arizona, mayroon kaming babaeng huwes sa lungsod na iyon. 'Yon ang dahilan kaya napakarumi ng lungsod na iyon. At mayroon kaming Ang isang babae ay hindi dapat nakikialam sa pulitika. Hindi siya dapat nakikialam sa— sa— sa pamumuno sa iglesia. Ang tama niyang lugar ay ang pagiging reyna sa tahanan ng isang lalaki. Bukod dito ay wala na siyang ibaang gampanin. At alam nating katotohanan iyan. Hindi ka makakakita Alam kong makaluma iyan kung pakinggan, ngunit may pananagutan ako.

Alam kong paglisan ko sa mundong ito, ang mga tape at librong iyan ay patuloy na mabubuhay, at malalaman ng marami sa inyo na mga kabataan sa mga darating na araw na ito ang katotohanan, sapagkat sinasabi ko ito sa Ngalan ng Panginoon.

23 Ngayon, iniisip natin kung papaanong ang isang butihing babae, na nagluwal sa mundong ito sa pamamagitan ng kaniyang matapat na asawang lalaki, ng ilan sa pinakamabubuting mga anak na lalaking nakilala ko; mga tunay na lalaki sila. Na nakilala ko . At kaagad, pagkarinig na pagkarinig nila ng mensahe, nakumbinsi agad sila nito nang siyento porsyento. Ngayon, mangyayari lang iyan sa pamamagitan ng pagtatalaga. Sa ganoong paraan lamang iyon maaaring mangyari.

Ngayon, narito ang katanungan; pinag-iisipan ko iyon. Kita n'yo, ngayon, habang ibinabalik ako ng Panginoon, "At hindi mo nalalamang ikaw ay hubad, maralita, aba, dukha, bulag, at di mo ito nalalaman."

24 Bago ako dumako riyan, marahil ay ibubuod ko muna ang sinabi ko rito sa isang mensahe tungkol sa, sa paniwala ko iyon ay ang pangbubulag ng diyos ng sanlibutang ito sa mga mata ng tao na ganap nilang sinamba ang diablo sa mga gawaing pangrelihiyon. Nakuha n'yo bang lahat iyon? Naunawaan n'yo bang lahat? 55 At sa mensahe ring iyon inihatid ko ang paksang ang isang babaeng nagsusuot ng imoral na pananam it at mahalay, siya ay hahatulan sa paghuhukom bilang isang babaeng bayaran. Tunay na kakaiba iyan kung pakinggan. 56 Hayaan ninyong bumuo ako para sa inyo ng isang larawan.

25 Ngayon, narito ang isang abugado sa lungsod, bata pa siya. At isa siyang mabuting tao

kung ang pag-uusapan ay ang pulitika Nakikini-kinita kong maaaring disente siya sa kaniyang pulitika; at inilalabas niya ang isang babaeng kilalangkilala. Nagkaibigan sila at nagpakasal. Dumadalo sila sa lahat ng mga kasiyahan at malalaking pagtitipon, at magkasama silang umiinom. Sa wakas, siya'y . . . Mayroon siyang magandang bahay; nakatira siya sa isang magandang kapitbahayan. Iginagalang siya ng mga tao, ngunit siya ay . . . Pareho silang umiinom; nagsho-shorts ang babae, naggugupit ng buhok, naglalagay ng makeup, ang lahat ng bagay sa kaniya ay totoong seksingseksi, isang magandang babaeng naglalantad ng kaniyang sarili.

Buweno, hindi siya nagsisimba kailan man, pareho sila. At may lumipat sa karatig na bahay nila, heto ang isang babaeng Baptist o Metodista, siya at ang kaniyang asawa. Ngayon, ang babaeng ito . . . Gawin na lang nating Metodista, mangyari ay mas naniniwala ang Methodist sa kabanalan kaysa sa mga Baptist, maliban na lang sa New Testament Baptist. Naniniwala sila sa kabanalan. Subalit karaniwan ang mga Baptist ay talagang hindi sumasang-ayon sa kabanalan (Kita n'yo?); hindi sila naniniwala sa gayong bagay. Kaya ngayon, gawin natin itong Metodista sapagkat naniwala sila sa kabanalan.

26 At may isang babaeng Metodista na lumipat sa katabing pinto nitong babaeng ito sa iisang kalye. Ang asawa niyang lalaki ay isang — sabihin nating isa siyang public accountant o kung anuman ang posisyon niya. Buweno, tinitingnan ng babaeng Methodist na ito ang kapuwa niyang babae, at kapag ang abugadong ito ay lumalabas ng bayan . . . Ang ngalan niya ay John. Sabihin nating ang pangalan niya ay John. Ngayon, huwag kayong mag-isip diyan ha. Gumagamit ako ng pangalan ng mga di totoong tauhan; at ang pangalan niya ay John. Buweno, dati siyang kasintahan ni Ralph. At iyan ay isa na namang di totoong pangalan, lahat ng ito (Kita n'yo?), para lang makuha ninyo ang kuwento upang mabuo ang larawan.

Buweno, nalaman mo na lang na sa isang party ay nagkalasingan, niyakap siyang muli ni Ralph. Buweno, nag-alab ang damdamin niya, sapagkat napaibig na naman siya kay Ralph; sa akala niya. Makalipas ang isang panahon nagsimulang makipagkita si Ralph sa kaniya, at nagawa niya itong ilihim kay John, naitago niya ito, at sa palagay niya ay napakatalino niya, sapagkat nakakalaguyo niya si Ralph, samantalang kasal siya kay John. 60 Kita n'yo, ang babaeng iyon ay ni walang asal ng kadisentihan. At ang akala niya ay balewala iyon.

27 Ngunit ito namang babaeng Metodista ay kabilang sa mas mataas na kategorya. Kahit paano ay nagsisimba siya; at sa palagay niya ay nakapandidiri ang babaeng iyon. Abay ang sabi niya sa kaniyang asawa, pag dumarating siya, "Nakikita kong pumapasok doon ang lalaking iyon at nakikipagtagpo sa kaniya. At kapag nasa labas si John dabil sa isang kaso saan man iyon, sa Philadelphia o kung saan; inilalabas niya siya lulan ng kaniyang sasakyan at nagbibilad sila sa tabing dagat. Nakikita ko sila tuwing uuwi sila; n i hindi na nga nila ibinababa ang kurtina kung minsan, hinahalikan niya siya at nagtatalik sila at pagkatapos ay ... Oh, hindi ba't napakasama niyon," ang sabi niya sa kaniyang asawang lalaki. "Abay mistula siyang babaeng bayaran."

Totoo iyon. Masahol pa siya sa isang babaeng bayaran, sapagkat isa siyang babaeng may asawa. Kita n'yo? At siya'y . . . Ang babaeng ito, iniisip nitong babaeng Metodista na napakapangit nito. Hindi siya nagsisimba.

28 Ngayon, itong babaeng Metodista ay hindi gagawa ng gayong bagay. Talagang hindi. Isa siyang disenteng babae. At isa pa, hindi siya hihipo ng kaunti mang alak, sapagkat ang iglesiang Metodista, nobenta porsyento ng kanilang programa ay pagbabawal sa alak, laban sila sa alak. Kaya mayroon silang programang nagbabawal nito, at ang mop tagasunod ng iglesiang Metodista ay hindi namumuhay nang mas mataas kaysa sa itinuturo ng iglesia nito.

Ngunit ang babaeng ito, ang babaeng Metodistang ito ay lumalabas sa gabi kasama ang kaniyang asawa, nagsusuot ng shorts kapag Linggo pagkatapos ng Sunday school; naggugupit siya ng buhok; naglalagay siya ng lipstick; at naninigarilyo pa nga nang kaunti. 65 Ngayon, sa Salita ng Diyos, pareho silang patotot. Ngunit ang isang ito ay hubad, maralita, aba, bulag, at hindi niya nalalaman. Ang isa ay walang pagkakaiba sa isang iyon na nagkasala. Sapagkat ang isang lalaking tumitingin sa isang babae nang may pagnanasa sa kaniya ay nagkasala na ng pangangalunya sa kaniya sa puso niya.

29 At kung ang babaeng ito . . . Ngayon, sasabihin niya, "Ngayon, sandali lang, Mr. Branham. Gusto kong maunawaan mo, hindi ako patotot." Sister, marahil kung ihaharap sa iyo ang Biblia, ipapatong mo ang kamay mo sa ibabaw Nito sa Presensya ng Diyos at manunumpa kang naging tapat ka sa iyong asawang lalaki sa abot ng iyong makakaya. Ang katawan mo ay pagaari ng iyong asawa, ngunit ang kaluluwa mo ay pag-aari ng Diyos. May masamang espiritung pumapahid sa iyo. Kung hindi, kung gayon ikaw ay . . . Maaari kong patunayan sa iyong nabaliw ka na nang lubusan.

Anong mangyayari sa Iola mo kung noon ay lalakad siya sa kalye nang nakakorto? Ipapasok nila siya sa pagamutan ng mga baliw; lumabas kasi siya nang walang damit. May probema ang kaniyang pag-iisip.

Kung totoo ito noon, totoo pa rin ito hanggang ngayon. 68 Kaya isinasadlak nito ang buong sanlibutan sa kabaliwan. Baliw na ang kabuuan nito. At napakarahan itong nakapasok na hindi ito namalayan ng mga tao.

30 Ngayon, isa ba siyang patotot? Hindi sa sumpa ng kaniyang asawang lalaki sa kaniyang katawan, kundi sa harapan ng Diyos ay may nakalukob sa kaniyang isang masamang espiritung patotot na nagbubunsod sa kaniya upang magbihis nang gayon, at nasa kapanahunan siya ng iglesiang Laodicea at hindi niya alam na ginagawa niya iyon. Hindi alam ng walang malay na babaeng iyon na hahatulan siya ng Diyos dahil sa pagiging patotot. Hayan.

Ipaabot mo ito sa kaniya. Hindi mo siya mapagsasabihan. Walang paraan para maipaabot mo ito sa kaniya. Ang sabi ng Biblia, "Hubad sila at hindi nilg ito nalalaman."

Kapag tinawag mo silang patotot, personal ka niyang ipaaaresto; gayon nga ang gagawin niya. Hindi pa ako nangusap nang personal tungkol kanino man. Nangungusap ako tungkol sa kasalanan. Hindi ko sinasabing, "Ang ganitong iglesia, si Mr. Ganito-at-Gayon, ay isang ..." Hindi, hindi ko sinasabi iyan — ang doktrinang iyon, kita n'yo, ang kabuuan nito. Hindi ako nagbabanggit ng mga indibiduwal. Hindi ang mga indibiduwal ang tinutuligsa ko; kundi ang sistemang kinaroroonan nila; iyon ang makasanlibutang sistema.

31 Si Brother George Wright na nakaupo rito — siya'y sitenta y singko o sitenta y otso anyos na, sa wari ko. Ano sa palagay mo ang mangyayari kung pagdalaw mo kay Sister Wright isang araw, ay nakatayo siya't nakasuot ng shorts? Aba'y, hindi mo . . . Ipakukulong mo siya. Hindi mo siya pakakasalan. Buweno, kung gayon ang gagawin ng sinumang lalaki nung panahong iyon, gayon pa rin ang mangyayari. Buweno, kung iyon ay kasalanan at mali noon, mali pa rin ito hanggang ngayon; ngunit ang mga tao ay nabaliw na.

32 Hayaan ninyong manghula ako ng isang bagay sa inyo bago ito matupad. Ang buong sanlibutan ay nangangapa na sa kabaliwan, at ito ay lalala pa nang lalala nang lalala hanggang sa maging isang bungkos ito ng mga baliw, at halos ay gayon na nga ang lagay nito ngayon.

Maiisip n'yo ba ang isang lalaki na magmamaneho nang patay ang kaniyang mga flaw sa maling panig ng kalsada, isang Ricky, isang binatang nagtapos pa lamang sa mataas na paaralan? Napatay niya ang isang grupo ng mga tao... Mapigil kaya si la nito?

Ang kasunod niya ay gayon din ang ginagawa. Maiisip n'yo ba ang isang binatang nag-iisip tungkol sa kaniyang sarili, ng anuman tungkol sa kaniyang sarili, na lalabas dito at aasta nang tulad ng kanilang ginagawa? Maiisip n'yo ba ang isang dalagang nasa kasibulan ng kaniyang pagkababae, marikit, maganda ang pangangatawan, mahugis, ang anyo, at maganda ang mukha . . . At ang pagiging maganda niya mismo ay nagpapakitang nasa huling panahon na tayo. Kita n'yo, lubos na siyang tumungo sa makasanlibutang kaanyuan, sa mga makamundong bagay at hindi sa kagandahan ng kabanalan, at kagiliwan sa kaniyang kaluluwa. Nakakita ako ng mga babaeng sa panlabas ay hindi magandang pagmasdan, ngunit sa sandaling makausap mo sila, pag kinausap mo sila ng ilang sandal i; talagang hindi mo sila magagawang takasan. Kita n'yo, ang kagandahang panlabas ay sa diablo; ito'y makasanlibutan.

33 Tignan n'yo ang mga anak ni Cain, kung papaano silang nasadlak dito. Nang makita ng mga anak ng Diyos na ang mga anak na babae ng tao ay magaganda, nagsikuha sila ng mga asawa, at hindi sila kailan man napatawad ng Diyos.

Tignan n'yo, nang ang mga kababaihang Israelita na nangangapal sa kalyo ang mga palad at nakalugay ang buhok; nang dumaan ang ang mga anak ng Diyos sa lupain ng Moab at nakatagpo nila ang mga maririkit na babaeng ayos na ayos ang buhok, huwad ang ganda at napakaraming kolerete sa mukha, o kung ano man ang tawag do'n; at nang makita ng mga anak na lalaki ng Diyos ang magagandang kababaihang iyon, at may isang bulaang propetang nagsabi, "Iisa tang tayong lahat." At nagsipag-asawa sila sa isa't-isa, at hindi sila kailan man napatawad ng Diyos; nangamatay sila sa ilang. Ang bawat isa sa kanila ay namatay doon nang walang pagasa, walang Diyos, at napahamak na magpakailan man, nahatulan na magpakailan man bagama't nasaksihan nila ang kabutihan ng Diyos; bagama't uminom sila sa bukal na hindi natutuyo. Nagsiinom sila sa hinampas na bato. Nakita nilang gumawa ng mga himala ang tansong ahas. Nanggaling sila sa ilalim ng bautismo ni Moises sa dagat. Nakita nila ang kamay ng Diyos. Kumain sila ng pagkain ng anghel at ginawa nilang lahat ang mga bagay na iyon. Ngunit nakipag-asawa sila — hinayaan nila ang mga kababaihan — pinapasok nila sila, at nagsipag-asawa sila sa isa't-isa: hindi naman nangalunya, kundi nakipag-asawa lang sa kanila. Hindi iyon kailan man napatawad ng Diyos.

34 Iyon ang ikalawang pagkakataon ng pagtatagpo nito. Ngayon, narito tayo sa ikatlong pagkakataon — mas madaya ang panahong ito kaysa alin mang panahon. Alam kong matigas iyan, at kadalasan ay inisip ko sa maraming kaparaanan, kung paano ba ito? Bakit kinakailangan kong mangusap nang ganito kagaspang sa mga tao? Anong dahilan? At gayon man ay napapansin ko, kung hindi ang Diyos ito, walang sinuman; walang isa mang babae ang mauupo at makikinig sa akin. Ngunit nagsisibalik sila,

sapagkat may kung sinong may munting angkla ng katotohanan na nakababatid na tama iyon; anuman ang mangyari, alam nilang tama iyon.

Ngayon, masdan ninyo kung anong mangyayari. Alam kong matigas ito.

35 At tulad lang ito nang kung bibigyan ka ng duktor ng gamot; at ayaw mo

itong inumin, kung gayo'y huwag mong sisihin ang duktor kung mamamatay ka. Para itong gamot. 80 Paano nAman itong mga taong nagsasabing galit ako sa kababaihan. Nakikita n'yo ba, masdan mo kung paanong umasta ang mga kababaihan, at sasabihin ko sa inyo kung saan na nasadlak ang iglesia. Ang moralidad ng mga kababaihan ay isa nang Laodicea, sa sanlibutan, sa pisikal na kalagayan: hubad, aba, bulag, at hindi nila nalalaman. 81 Ang mga tao, ang mga kababaihan ng sanlibutan, ay nasa iisang kalagayan. Makikitang ang natural ay laging tumitipo sa espirituwal sa tuwina. 82 Ngayon, isang araw sa paghuhukom . . .

36 Alam ko na hindi popular na sabihin ito, at kung ang isang tao ay hindi nakatalagang magsabi nito, mabuti pang huwag mo itong sabihin sapagkat ikaw ay nanggagaya lamang, at tiyak na ikaw ay magkakaproblema.

Ngayon, pansinin. Sa katunayan, may mga pagkakataon na parang ibinuka ko ang bibig ng isang babae at ibinuhos ko ang gamot sa kaniyang bibig; at pagkatapos ay tinakpan ko ng aking kamay ang kaniyang bibig, at ibinubuga niya ito sa tuwina. Ano kaya kung ginawa iyan ng isang duktor sa isang pasyente, pagkatapos ay namatay ang pasyenteng iyon sapagkat tinanggihan niyang lunukin ang gamot. Sa paghuhukom, kung kailan lahat ng mga bagay na ito tulad ng pagpuputol ng buhok at pagsusuot ng shorts,

37 Ako'y nagtatayo lamang. Malapit na ang oras kung kailan ay makikita ninyong may isang bagay na mangyayari, kung kailan ay may magaganap na isang bagay at lahat ng mga panlikod na larawang ito, ay naglalatatag lamang ng isang pundasyon para sa isang maiksi at mabilis na mensaheng yayanig sa buong bansa.

Aba'y, binabatikos ko ang mga kababaihan: naiipon lang ito rito, para maging isang bagay na maaari mong ipanghampas sa ulo. Sinisikap ko pa ngang sabihin sa kanila kung anong tama, at tinatakpan ko nang ganito ng aking kamay ang kanilang mga bibig; idinudura nila ito. Kung gayon ay sinong sisipi sa duktor? Paano kayong makapagsasalita sa araw ng paghuhukom, samantalang ang mga tinig na sumigaw laban dito ay muling maririnig sa harapan ng mga tao? At, paano nila ito matatakasan?

38 Idinudura nila ito sa pagitan ng iyong mga daliri. Painumin mo pa nang kaunti at medyo kalugin mo ang kanilang ulo, iluluwa't iluluwa pa rin nila: ayaw nila. Gayunpaman ay bumabalik sila at ipinapainom itong muli. Kung magkagayo'y sinong dapat sisihin? Hindi ang duktor, hindi ang gamot, kundi ang asal ng tao. Iyon nga. 87 Magiging kahindik-hindik ang isa sa mga araw na ito kapag ang makasalanan at mapangalunyang henerasyong ito ay tumayo na sa harap ng Diyos na Makapangyarihan sa Lahat.

39 Habang nakikita kong unti-unting akong tumatanda, ang mga balikat ko'y humuhukot na, at nalalaman kcing ... Tatlumpung taon na ako sa platapormang ito, oo, tatlumpu't tatlong taon na akong nag-eebanghelyo; ang baba ng buhay na iyan. Tatlumpu't tatlong taong paglilingkod. Isa lang ang pinagsisisihan ko: na hindi ito umabot sa isang daan at tatlumpu't tatlong taon. Sapagkat ito na ang aking huling pagkakataon, habang ako'y isang mortal upang ipangaral ang Ebanghelyo; tulungan nawa ako ng Diyos na ako'y maging tapat sa abot ng aking makakaya sa Sal itang iyan — sasabihin ko kung ano lang ang ayon sa sinabi Niya.

Anong nagbunsod sa babaeng Metodistang iyon; papaano mong maipaparating ito sa kaniya? Narito siya sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea.

40 Ngayon, kunin naman nating halimbawa ang babaeng Pestecostal. Hindi siya dapat magsuot ng shorts, mag-makeup, o maggupit ng buhok, ngunit hinahamak niya naman ang Metodistang iyon: "Tingnan n'yo ang babaeng iyon na ang ginagawa ay ganito at gayon." Sabihin na natin, ang babaeng iyon ay hindi nagsusuot ng shorts ngunit ang sabi niya . . .". At siya naman ay napakaiksi ng buhok . . . Kita n'yo? Habang tumataas ka sa Diyos, lalong nagmumukhang makasalanan ang lahat ng ito.

At magkaminsan sa pananalangin maiisip mo kapag inangat ka ng Espiritu Santo sa isang kapaligiran, kung magkagayo'y nagmumukhang napakagulo nitong lahat. At sa pagbaba mo. para kang — sa tingin ng tao ay isa kang tampalasan, isa ka lamang manunuya, isa kang baliw, sapagkat ikaw ay naninindigan gaya ng isang matandang nasisiraan ng bait at palagi na lang nananaway sa mga tao, ngunit kung papanhik ka lang minsan sa mga kapaligirang iyon, kung kailan ay maaari kang pumaroon sa Presensya ng Diyos — hindi sa pamamagitan ng emosyon, kundi sa pamamagitan ng tunay na pag-aangat ng Espiritu Santo — ang kabuuan nito ay nasulatan na ng "Ichabod"; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumisan na mula sa buong kapulungan ng mga denominasyon. Tama. Walang tama sa kanila.

41 Ngayon, hayaan ninyong gumuhit ako ng isang mali it na bilog. Kung mayroon akong pisara . . . Ngunit nais kong magmasid kayo rito. Gagawa ako ng isang bilog na ganito. Gagawa ako ng isa pang bilog sa loob ng bilog na iyan; dalawa na 'yan. Pagkatapos ay gagawa ako ng bilog sa loob ng bilog na iyan; tatlong bilog na iyan, tatlong bilog. Ngayon, iyan kayo. Iyan ang Diyos. Ang Diyos sa tatluhan ay Iisa, at kung walang tatluhan ay hindi Siya Diyos. Hindi Siya maaaring maihayag sa iba pang kaparaanan. At hindi rin naman kayo maaaring maipahayag nang wala ang tatluhang katauhan na siyang kayo. Iyan ay ang katawan, espiritu, kaluluwa. Kung wala ang isa sa mag ito, hindi kayo kumpleto. Kita n'yo? Kung wala kang kaluluwa, mistulang wala ka. Kung wala kang espiritu, mistulang wala ka. Kung wala kang katawan, ikaw ay magiging isang espiritu, at hindi isang katawan. Kaya ang Diyos ay buo sa tatluhang pagka-Persona; hindi tatlong persona, kundi isang Persona na nasa pagkakatlo. Ang Ama, Anak, at Espiritu Santo ay nag-iisang tunay na naipahayag na Diyos. 93 Ang Diyos . . .

42 Pansinin n'yo. Sandali lang. Sa pan iwala ko'y nabasa ko ito ilang sandali pa lamang ang nakararaan. Makinig kayo rito: . . . sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios:

Ang Diyos ang man lilikha at papaano Siyang nal ikha? Ngunit ito ay ang pasimula ng paglalang ng Diyos. Nang ang Diyos; ang Espiritu, ay malikha sa anyo ng isang tao, iyon ay ang Diyos na nalikha: ang Diyos na Manlilikha mismo ay naging isang nilikha. Ang Diyos na lumikha ng alabok, lumikha ng potash, cosmic light, at petroleum, pinagsama-sama Niya ang mga ito at nilikha Niya ang Kaniyang Sarili sa pasimula ng pagkalalang ng Diyos: ang Siya Nawa, ang pinal. Ang "Amen" ay nangangahulugan ng "mangyari nawa ito." Ang pinal ng Diyos nang maganap ang Diyos sa Kaniyang paglalang. 95 Ngayon, paanong nangyari iyon? Walang taong nakakita kai tan man sa Diyos, ngunit ang Bugtong na Anak ng Ama ang nagpakilala sa Kaniya. Nakuha n'yo ba?

43 Sabihin natin, sandali lang. Hindi naman kayo nagmamadali. Buksan natin sandali sa Colosas, sa Aklat ng Mga Taga Colosas, at kunin natin ang, sa paniwala'ko ay nasa unang kabanata iyon. Kinakailangan kong tingnan ito, pagkat hindi ko ito pi naghandaan, kaya, aking Dati-rati, nang bata pa akong mangangaral, maaalala ko na kaagad ang mga bagay na ito, ngunit habang tumatanda ako, hindi ko na . . . Umpisahan natin sa ika-9 na talata, sa paniwala ko. Dahil dito . . . (Sinababi ni Pablo sa mga Taga Colosas ang tungkol kay Cristo, kung sino Siya.) Dahil dito'y kami naman, mula nang araw na aming marinig ito, ay hindi kami nagsisitigil ng pananalangin at ng paghingi tungkol sa inyo, at . . . upang kayo'y puspusin ng kaalaman ng kaniyang kalooban sa buong karunungan at pagkaunawa ayon sa espiritu; Upang kayo 'y magsilakad ng nararapat sa Panginoon, sa buong ikalulugod niya, at magsipamunga sa bawat gawang mabuti, at magsilago sa kaalaman ng Dios; Na kayo 'y palakasin . . . ng buong kapangyarihan, ayon sa kalakasan ng kaniyang kaluwalhatian, sa buong pagtitiiis at pagpapahinuhod na may galak;

Na nagpapasalamat sa Ama, na nagpaging dapat sa atin upang makabahagi sa mga mana ng mga banal . . . Na siyang nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat sa atin sa kaharihan ng Anak ng kaniyang pagibig: (Dito nakukuha na natin. Masdan ninyo.) Na siyang kinaroroonan ng ating katubusan, na siyang kapatawaran ng ating mga kasalanan: Na Siya ang larawan ng Dios na hindi nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang;

Amen. Ano raw? Ang panganay ng lahat ng nilalang. Maging anghel; maging sino man, Siya ang panganay ng lahat ng nilalang. Sapagkat sa kaniya nilalang ang lahat ng mga bagay, .. (nilalang ang lahat ng mga bagay) . . . sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan, . mga pagsakop, . . . mga pamunuan, ... mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya;

44 (Maging anuman ito, wala nang iba pang nilalang.)

Pansinin ninyo. At nasa . . . At kaya nga Siya ay . . . siya 'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya. Maging Ama, Anak, Espiritu Santo man; anuman iyon, . . . Siya ay una sa lahat...

Una Siya sa lahat ng mga bagay na nasa langit, nasa lupa, nakikita, di nakikita; anuman 'yon, ang Anak ng Diyos ay una sa lahat ng mga bagay. Tama ba? Maging mga luklukan man, mga pagsakop, anuman iyon, mga makalangit na luklukan, anuman ang nasa dakila at sobrenatural na mga daigdig, sa mga walang hanggan, na kinaroroonan nito, anuman iyon,,mga anghel, mga diyos, anuman iyon, Siya ay una sa lahat ng mga bagay. Amen. Nakikita n'yo ba Siya? Siya ay una sa lahat ng mga bagay at ang mga ito ay nilikha sa pamamagitan Niya. Siya . . . Ngayon, sa ika-1 7 talata: At siya 'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya.

45 Walang makapagpapatakbo nito maliban sa Kaniya. Maging ang Diyos Ama man ito, Diyos Espiritu Santo. Maging mga anghel man ito, mga pamunuan, mga kapangyarihan, mga pananakop, anuman ito, ang lahat ay tumatakbo sa pamamagitan Niya. Ang lahat ng mga bagay ay nabubuhay dahil sa Kaniya. Siya... At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga 'y ng iglesia; na siya ang pasimula, ... (Na Siya

ang pasimula) . . . ang panganay sa mga patay; ... (Ibig sabihin, yaong nagbangon nang maparito Siya upang

manubos) . . . upang sa lahat ng mga bagay ay magkaroon siya ng kadakilaan. 101 Upang magkaroon ng kadakilaan . . . Alam ba ninyo kung ano ang kadakilaan? Iyon ay ang pagiging pangulo ng lahat. Siya ay pangulo ng lahat ng mga bagay na nilikha: bawat anghel, bawat nilalang, lahat ng naririto, Siya ang pangulo ng lahat ng mga bagay. Anong nilalang ito? Sino kaya ito? Pangulo ng lahat ng mga bagay? At sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin . . . Tingnan natin aking . . . Sandali lang. Sapagkat minagaling ng Ama na ang buong kapuspusan ay manahan sa kaniya;

Ang buong kapuspusan ng lahat ng mga bagay, buong kapuspusan ng Diyos, buong kapuspusan ng mga anghel, buong kapuspusan ng panahon, buong kapuspusan ng walang hanggan: anglahat ay nananahan sa Kaniya. Iyon ang Lalaking ito.

At sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin sa kaniya ang lahat ng mga bagay, na pinapayapa niya sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus; sa pamamagitan niya, sinasabi ko, maging mga bagay sa kalupaan, o mga bagay sa sangkalangitan. Iyan ang dakilang Personang pinag-uusapan natin, ang pasimula ng paglalang ng Diyos.

46 Ngayon — ngayon ang iglesia — ang Kaniyang pinaka layunin ay ang iglesia. Ngayon, papaano ba tayo napapabilang sa iglesiang ito? Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binabautismuhan tayo tungo sa isang katawan, ang iglesia, ang katawan ni Cristo; hindi ito maaaring mabigo. Ngayon, ito ang nangyayari. Ngayon, masdan n'yo ito, isang munting paglalarawan lamang ito.

Ngayon, ang panlabas na pagkataong ito ay ang Taman. Iyan ang tinitingnan natin, ang nakikita natin. At may limang lagusan sa katawang iyan. At sinumang batang elementarya tulad ko, ay nakakaalam na may limang pandamang kumukontrol sa katawan: paningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy at pandinig. Kung wala ang mga iyan, hindi mo mahihipo ang katawan. Iyan lang ang tanging daan tungo sa katawan: paningin, panlasa, pang-amoy at pandinig. Nakikita n'yo, nalalalahan n'yo, nararamdaman n'yo. Ngayon, iyan ang masama, iyang nasa labas.

47 Ngayon, sa loob niyan ay may espiritu, na siyang naging ikaw nang ikaw ay isinilang dito at ang hininga ng buhay ay inihinga sa iyo, ang espiritong iyan ay may makamundong kalikasan, sapagkat hindi ito nagmula sa Diyos, ngunit ito ay ipinagkaloob, pinahuntulutan ng Diyos. Ngayon, nakuha n'yo ba?

Sapagkat bawat batang isinisilang sa mundo ay isinisilang sa kasalanan, inanyuan sa katampalanan, naparito sa mundong nagsasalita ng kasinungalingan. Tama ba? Kaya ang pagkataong nasa loob ay makasalanan sa pasimula pa lamang. Ngunit ngayon, mayroon itong limang lagusan, at ang limang lagusang iyon . . . Hindi ko alam kung mababanggit ko kaagad ang mga ito ngayon. Una, alam ko ay ang kaisipan, kunsensya, at pagmamahal, pangangatuwiran, may limang lagusan papasok sa espiritu. Hindi ka maaaring mag-isip sa pamamagitan ng iyong katawan; kinakailangan mong mag-isip sa pamamagitan ng iyong espiritu. Hindi ka maaaring magkaroon ng kunsensya sa iyong katawan. Sadyang wala itong kakayahang mag-isip, ang katawan n'yo ay wala nga nito. Kaya kinakailangan mong mag-isip sa pamamagitan ng iyong espiritu. Kinakailangan mong mangatuwiran. Hindi ka maaaring mangatuwiran sa pamamagitan ng pisikal na pagkatao, 'pagkat ang pangangatuwiran ay hindi nakakakita, nakakalasa, nakakaramdam, nakakaamoy, o nakakarinig. Ang pangangatuwiran ay magagawa mo sa iyong pag-iisip.

Kung ikaw ay tulog o kaya'y walang malay; ang katawan mo ay nakahigang walang buhay, ngunit ang iyong espiritu ay maaari pa ring mangatuwiran; may limang pandamang kumukontrol sa panloob na pagkatao. At iyan . Ngayon, sa huling pagkatao, na walang iba kundi ang kaluluwa. Isang pandama lamang ang kumukontrol diyan, at iyan ay ang kalayaang pumili, ang malayang pagpili, ang pumili o tumanggi.

48 At ngayon, ang dahilan lcaya ang mga tao sa araw na ito. . . Ngayon, huwag ninyong kalilimutan ito, ha, ma — makikita ninyo kung ano ang panimulang ebidensya ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Ngayon, ang mga tao ay maaaring mamuhay sa espiritong ito, at sila ay sumasayaw sa espiritu. Sumisigaw sila sa espiritu. Nagsisimba sila sa espiritu, at walang pasubaling maaaring maipah id ang tunay na Espiritu ng Diyos sa espiritong iyan, ngunit mapapahamak pa rin sila at labis pa ring inaalihan ng diablo sa espiritong iyan. Sapagkat.. .

Masdan. Iyan ang dahilan kaya hindi mo mapagsabihan ang babaeng iyon, na nagsusuot ng shorts, na nagkakamali siya. Hindi mo siya masabihang mali siya sa pagpapaiksi ng buhok. "Buweno, anong kinalaman ng buhok mo dito?" Buweno, may kinalaman kasi iyon kay Samson. Kita n'yo?" Sinumang magdagdag ng isang salita rito o magbawas ng isang salita ri- to ..." Kinakailangang magkaroon ka ng isang di mapasubaliang batayan.

49 Ngayon, halimbawa, kung isa akong Baptist, at lalapitan mo ako at sasabihan mo ako na kailangan kong magpabautismo sa Ngalan ni Jesus

Cristo, ito ay nasa Biblia. Buweno, una clam mo, sasabihin ko, "Tatanungin ko ang pastor ko."

At pupunta ako sa pastor, at ang sasabihin niya, "Oh, noon iyon. (Kita n'yo, kita n'yo?) Tayong mga Baptist; ito ang pinaniniwalaan natin: Naniniwala tayo na dapat tayong ilubog sa mga titulo ng Ama, Anak, Espiritu Santo. Ganiyan ito isinasagawa ng lahat ng mga simbahan. Mula nang pasimulan ito ni John Smith, ganiyan na iyon isinasagawa." 113 Buweno, iyan kasi ang iyong di mapasusubaliang batayan. "Anong pakialam ko sa sinabi ng lalaking iyon."

50 Ano kaya kung ika'y isang Metodista, at pagwiwisik ang pamamaraan ninyo, at sinabihan kang kinakailangan kang ilubog? Nakikita n'yo ba kung anong ibig kong sabihin? Babalik ka sa pastor ng Metodista; susulatan niya at tatanungin ang Obispo, "Ganito-at-ganiyan ang sabi ni ganito-at-ganiyan tungkol dito."

"Ngunit kami, na iglesiang Metodista, na itinatag tatlo o apat na raang taon na ang nakararaan sa Inglatera nina John Wesley, at Whitefield, at lahat ng iba pa sa kanila roon, at ni Asbury; binuo namin ang dokumentong ito ayon kay John Wesley, na dapat kaming mawisikan, sapagkat isa lamang itong panlabas na anyo. At sa palagay namin ang walang kaibahan ang pagwiwisik sa paglubog." Kung isa kang tunay . . . Kung ang iglesiang Metodista ang gagawin mong kataas-taasang batayan, hanggang doon tang ang iyong mararating.

Kung isa kang Catolico ... At sasabihin ko sa iyo na wala sa Biblia ang pagbabawal ng pagkain ng karne tuwing Biyernes at lahat ng iba pang mga bagay na tulad nito, at ang banal na ostya ay hindi biskwit, sapagkat ito'y isang Espiritu at iba pa, at pagkatapos ay magtutungo ka sa inyong pari, at sasabihin ng pari, "Nakasulat iyon dito sa ating dokumento." At kung ang iglesia ang gagawin mong kataas-taasang batayan, hindi mo al intana kung anong sinasabi ng kahit sino. 'Yun kasi ang kataas-taasang batayan mo. 117 Oh, tulungan nawa ng Diyos na bumaon ito. Para sa akin, ang kabuuan nito ay mali. Ang Salita ng Diyos ang kataas-taasang batayan. Anuman ang sinasabi ng Salita, iyon ang tama.

51 Ngayon, ang tanging paraan upang makaakyat ka sa mga dakong ito kung saan ay makakapasok ka sa munting panloob na taong ito, dapat ay nakalaga ka, sapagkat kasama ka ng Diyos noon pa man; ikaw ay bahagi ng Diyos. Ako ay nasa aking ama na noon pa man. Nasa lolo ko rin naman ako, at sa lolo ng aking lolo. Sa pamamagitan ng binhi ay naroroon na ako. At nakay Cristo na rin ako noon. Kayo rin ay nakay Cristo na bago pa itatag ang sanlibutan. Naparito Siya upang tubusin ang ganang Kaniya, ang ganang Kaniya na dati nang nasa Kaniya (Aleluia.), ang mga anak Niya, na dati nang nasa Kaniya. 119 Hindi Siya pumarito upang iligtas ang mga anak ng Diablo. Hindi nila ito kailan man malalaman. At napakatalino nila sa mga pamamaraan ng kanilang intelektuwal na pinag-aralan, na hindang-hindi sila maaaring pantayan. Hindi mo sila madadaig sa usapan. Ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakikita mo iyon.

52 Ngayon, ang siyensya ay hindi nangangailangan ng pananampalataya. Pinapatunayan ng siyensya anuman ang sabihin nito. Hindi ito nangangailangan ng pananampalataya. Sasabihin sa inyo ng Paring Catolico, "Tingnan ninyo kung gaano na kalayo ang narating ng simbhang Catolico. Tingnan ninyo kung gaano katagal na itong nakatagal sa ilalim ng mga pag-uusig ng paganismo." Ang sabi naman ng iglesiang Metodista, "Tingnan n'yo. Gaano na katagal . . ."

53 Nakakita ako ng isang iglesia . . . Kung ang pag-uusapan ay isang paimbabaw na karatula. Naglalakbay ako sa daan kahapon, nakita ko ito. Ang sabi, "Ang Iglesia ni Cristo, natatag noong AD 33." Wala pa nga silang sandaang taon. Kita n'yo? (Ang denominasyon nila.)

Ay, naku, aral daw ng mga apostol, halos ay wala silang anumang taglay, sila ang mga Saduceo ng araw na ito. Walang espiritu, walang . At hindi mo sila masabihan. Hindi mo sila makausap; hindi mo magawang makipagkatuwiran sa kanila; sapagkat nilalampasan natin ang pangangatuwiran. "Huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan." Ang pananampalataya ay hindang - hindi nagangatuwiran. Ang pananampalataya ay naniniwala. Ang sabi nila, "Ngayon, tingnan n'yo ito. Naniniwala ba kayo na kailangan nating gawin ang mga bagay na ito noon? Walang kabuluhan. Lyon . . ." Ngunit sinabi ito ng Biblia. Hindi ko mapaliwanag kung paano itong nangyayari, ngunit nangyayari nga ito. Sinabi ito ng Diyos. Kaya wala kayong . . . Wala akong masasabing anuman sa inyo tungkol dito.

Hindi ito ipinaliliwanag ng pananampalataya. Alam n'yo ba iyon? Basta't pinaniniwalaan ito ng pananampalataya.

54 Ito ang sabi ni Jesus kay Nicodemo na kasapi sa konsehong ekumenikal rig panahon Niya Nagtungo siya sa Kaniya isang gabi, at nagsabi, "Guro, nalalaman namin na ikaw ay gurong nagmula sa Diyos, 'pagkat walang makagagawa ng mga bagay na ginagawa Mo malibang ang Diyos ay sumasakaniya." Ang sabi Niya, "Katotohang sinasabi Ko sa iyo, malibang isilang na mull ang tao hindi niya makikita ang Kaharian ng Diyos."

Ang sabi niya, "Sa tanda kong ito, papasok ba ako sa sinapupunan ng aking ina para ako isilang?"

Ang sabi Niya, "Ngayon, papaano akong makapagsasabi sa iyo ng mga makalangit na bagay, samantalang ni hindi mo nga mapaniwalaan ang mga makalupang bagay?"

55 Pagkatapos ay sinabi Niya isang araw, "Mal i bang kanin n'yo ang laman ng Anak ng tao at inumin ang Kaniyang Dugo, wala kayong buhay sa inyo." Hindi Niya iyon ipinaliwanag. 126 Ang mga apostol at ang mga kasamahan nila nung araw na iyon na nakatalaga sa Buhay, kilala Niya sila. Ang sabi Niya, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin. Ang tanging kailangan Niyang gawin ay ang ipakilala ang Akingtinig; kilala nila ito. Sapagkat kilala ni la ito. Sapagkat kilala ng mga tupa ang Aking Tinig." At ang tinig ay pagpapahayag ng Sal ita. [Patlang sa tape—Ed.] paniniwalaan ni la ito, magkagayon man. Hindi nila kailangang patunayan ang anumang bagay sa pamamagitan ng siyensya o magtanong sa kanino mang Saduceo o Fariseo at iba pa tungkol dito. "Kapag sinabi Ko; naniniwala sila. Sapagkat din irin ig ng Aking mga tupa ang Aking tinig." At ito ang tinig ng Diyos sa anyong titik, sapagkat Ito ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo: ang Luma at Bagong Tipan na pinagsama. Amen. Hayan.

56 Bakit? Sasabihin n'yong mabubuting tao ang mga ito. Anong dahilan? Dahil lang sa isang bagay. Ang kanilang haliging-pinagtatalian ay isang simbahan. At dito... Naaalala n'yo ba nung nakaraang Linggo, isang linggo na ang nakalilipas? Ilan ba ang naririto at nakarinig ng sermon tungkol sa "Mga Pinahiran Sa Huling Mga Araw"? Palagay ko lahat kayo. Kita n'yo, mga pinahiran sila. Ang kanilang mga espiritu ay napapahiran sa ikalawang dako.

57 Ngayon, ang sabi ng unang babae, "Hindi. Wala siyang pakialam sa kung anumang sinasabi ng iglesia at ng sino pa man. Napakatalino niyang tao. Nakatapos siya ng kolehiyo. Napaglalalangan niya ang kaniyang asawang lalaki, at ang akala niya ay marunong siya dahi I nagagawa niya iyon.

Ang isang babaeng ito ay hubad, bulag, at hindi niya nalalaman. Oh, kahabag-habag ito, ngunit iyan ang larawang ipinipinta ng Biblia.

Ngayon, nagsisimba siya. Ang babaeng iyon, marahil ay mas mabuti pa kung ang babaeng iyon ay . . . Namumuhay siya ng mabuti at malinis na buhay. Walang masama. Ang Diyos ang hahatol. Hindi ko alam; hindi ako ang hukom. Ang tanging pananagutan ko ay kung anong ipinapakita Niya sa akin.

Iyan ang sabi ng mga apostoles: "Sinasabi namin kung ano ang nalalaman namin, kung ano'ng narinig namin, kung ano'ng nakita namin." Iyan lang ang pananagutan ko. Iyan lang ang pananagutan ninyo.

58 Ngunit ngayon, makikita n'yo, kung titingnan n'yo ang babaeng iyon Saan siya nagwakas? Kita n'yo? Nagpaikut-ikot siya. Nakarinig siya; walang dudang nagbukas siya ng radyo nang maraming beses. Ang Tinig ng Diyos ay nangusap sa kaniya ng maraming beses.

Buweno, makikita n'yo ngayon, nagpunta siya sa kultong ito, o sa samahang ito; lahat ng mga simbahan ay pawang mga pangkat, bawat isa sa mga ito. Tama nga. Ang mga ito ay pawang mga samahan lamang kung saan ang mga tao ay nagsasama-sama bilang mga kasapi. At pagpunta niya dito; buweno, akmang-akma sa kaniya iyon. Ngayon, kung sasabihin mo sa kaniya kung anong dapat niyang gawin, hindi ka niya pakikinggan. Ipakita mo ito sa Biblia; hindi siya makikinig.

59 Ngayon, mahal kong kapatid na lalaki at babae, isa o dalawa pang komento bago ako magtapos; labinlimang minuto na lang bago tayo magpalabas sa boob ng kinse minutos.

60 Ngayon, tignan n'yo, may nais akong itanong sa inyo. Bakit hindi nila iyon makita? Bakit di niya makita? Kung ang pag-uusapan ay ang pamumuhay sa pangangalunyang pisikal laban sa kaniyang asawa, hindi siya nagkasala. Wala siyang dapat ipagtapat. Singlinis siya nung araw na isilang siya; walang lalaking nakagalaw sa kaniya. Itinutulad ko ngayon ang pangungusap ko, sa babae at sa iglesia. Singlinis siya nung araw na isilang siya. Buweno, ganiyang-ganiyan din ang iglesia: sa pagkapanganak niya, subalit siya ay isinilang sa kasalanan, inanyuan sa katampalasanan, dumating . . . Nakikita n'yo ba kung anong ibig kong sabihinn?

Ngayon, sabihin mo sa kaniyang mali na gupitan niya ang kaniyang buhok. Ito ang sabi ng Biblia. Hindi nararapat na magsuot siya ng shorts. Ito ang sabi ng Biblia. Sasabihin niya, "Walang kabuluhan." Bakit? Ang kataastaasang batayan niya ay wala dito sa ikatlong pagkatao, sa kaluluwang itinalaga at isinugo mula sa Diyos. kundi ang kataas-taasang batayan niya ay narito sa isang organisasyong, na binuo ng kung sinong tao sa labas nito. Kita n'yo?

61 Ngunit kung ang Salita ng Diyos ay naroroon sa kaluluwang iyon, magsasabi ito ng, "Amen, nakikita ko iyan." Sang-ayon ito sa Salita.

Ngayon, tignan n'yo. Kaya nga ang taong isinilang na muli ng Espiritu ng Diyos . Kita n'yo, heto ang panlabas na laman. Ngayon, nangungusap ako sa magkakahalang tagapakinig, ngunit nangungusap ako bilang pastor n'yo, bilang kapatid ninyo. Heto ang laman; ito' y mahina. Nakatakda itong magkagayon. Pag may isang babaeng lumalakad sa kalye at may isang binatang nasa murdng gulang, mga deisisyete, disiotso, beinte, beinte singko, trenta, na lalakad-lakad doon; at ang dalagang ito ay dumating,

papakembotkembot, naglalakad suot ang mataas na takong, ang damit niya ay hakab na hakab sa harap at sa likod, at ang laylayan ng kaniyang damit ay nasa ibabaw ng tuhod, o nakashorts ... Alam n'yo bang sinabi ng Biblia na ganiyan nga ang ikikilos niya? Alam n'yo sinabi ng Biblia na ganiyang ang ikikilos niya at kung gaano kalaswa ang magiging kalagayan niya.

62 Nabasa n'yo ba ito dito sa "Reader's Digest" para sa buwang ito kung papaanong ang kalalakihan at kababaihan ng araw na ito, mga dalagitang ang edad ay mula sa beinte hanggang beinte singko ay nasa antas na ng menopause; na ikaw ay dumaranas na ng pagbabagong pang gitnang edad ng buhay, ayon sa siyensya, sa pagitan ng bente at bente singko. Dati-rati ito ay nagaganap ng mga trenta o trenta y singko nung kapanahunan ko; nung kapanahunan ng nanay ko, ang isang babae ay hindi nagmemenopause malibang dumating siya ng kuwarenta o kuwarenta y singko. Ano ito? Dahil ito sa siyensya, at pagkain, mga hybrid na sumira na sa buong katawan ng tao hanggang maging isa na tayong bungkos ng—isang masa ng kabulukan. Buweno, kung ang pisikal na pagkatao ay nasira na, hindi ba't ang selula ng utak ay nasa pisikal na pagkataong iyon?

63 Ngayon, masdan n'yo ang espiritung sumusunod dito. Darating ang panahon sa Ngalan ng Panginoon, na ang mga tao ay lubos na mababaliw. Iyan ang sabi ng Biblia. Sila'y magtititili at magsisisigaw: may mga malalaki at nakapangingilabot na mga bagay silang maisip . Ang mga radyo at iba pang mga bagay, o mga programa sa telebisyon ang lumilikha nito. Magkakaroon ng mga bagay tulad ng mga langgam na magsisilitaw sa ibabaw ng lupa na magiging singtaas ng labing apat na puno. Magka- . . . May ibong lilipad sa ibabaw ng lupa na ang pakpak ay apat o limang milya ang lapad, at makikita ang mga ito ng mga tao; maghihiyawan sila at magsisisigawan at magmamakaawa; ngunit dumating na ang salot. Hintayin ninyong ipangaral ko ang pagbubukas ng mga salot.

64 Masdan ninyo kung anong ginawa ni Moises sa ilalim ng pisikal na pagkatao, at hindi sa Espiritu. Nang sabihin Niyang, "Moises . . ." Sinabi ng Diyos kay Moises, "Lumabas ka roon," (sa Kaniyang propeta), "dumampot ka ng isang dakot na alabok; ibato mo sa hangin at sabihin mo, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON, may mga pulgas na darating sa ibabaw ng lupa.'" Wala pa ang pulgas noon. Bigla na lang nagsimula silang makakita ng kung anong gumagapang sa mga halaman. Inusisa nila iyon; naglitawan ang iba pa. At di nagtagal ay napakakapal na ng mga iyon, hindi ka na makalakad sa kapal. Saan nanggaling ang mga iyon? Ang Diyos ay Manlilikha. Magagawa Niya anumang ibigin Niya. Kataas-taasan Siya.

Makalilikha Siya ng isang ibong ang mga pakpak ay aabot sa magkabilang dulo ng mundo.

Ang sabi niya, "Magkaroon ng mga langaw, at kulapulan nito ang buong lupa. Walang isa mang langaw noon sa lupain. Bigla na lang, may isang bangaw na nagpalipad-lipad. Biglang nagkaroon ng walo, o sampu, labindalawa. Mamamalayan mo na lang na hindi ka na makalakad sa kapal ng mga ito. Ang Diyos na Manlilikha ay tumutupad sa Kaniyang Salita.

65 Pagkatapos ay iniunat niya ang kaniyang tungkod sa utos ng Diyos at sinabi niya, "Maglitawan nawa ang mga palaka at mapuno nito ang lupa." At naglitawan ang mga palaka hanggang sa pinagbuntun-buntun nila ang mga ito, at ang masangsang na amoy ay kumalat sa lahat ng dako, marahil apatnapu o limampung talampakan ang kapal ng mga palaka. Nakarating ang mga ito sa tauban ng mga baso ni Faraon. Nakarating ang mga ito sa . . . Pag balumbon nila ng mga kumot may mga limang daang palaka sa ilalim nito, sa silong ng kama, sa mga ilalim ng mga karpit. Saan man si la magpunta ay may mga palaka, mga palaka, mga palaka. Saan nanggaling ang mga ito? Ang Diyos na Manlilikha ay kataas-taasan sa lahat. Anumang sabihin Niya, tutuparin Niya. At sinabi Niyang magkakaroon ng mga kahindik-hindik na mga pangitain sa ibabaw ng lupa: mga balang na may buhok na tulad ng mga kababaihan, mahahaba ang buhok upang bagabagin ang mga babaeng naggugupit ng kanilang buhok. Ang mga ngipin nila'y tulad ng sa mga leon, may mga panusok sa kanilang buntot tulad ng sa mga alakdan . Pahihirapan ni la ang mga tao sa loob ng maraming buwan.

Hintayin ninyong mabuksan natin ang mga salot na iyon at ang pitong mga kulog na iyon. Tignan ninyo kung anong mangyayari. Oh, kapatid, makabubuting magtungo ka sa Gosen. Huwag mong papansinin itong nasa labas.

66 Tingnan n'yo, heto ang isang babaeng kekembot-kembot sa kalye. Heto ang isang binata; nasulyapan niya ito; isa siyang miyembro ng simbahan; siyang Pentecostal; isa siyang anuman iyon; ngunit mamalayan mo na lang na wala roong posteng makakapitan. 145 Sasabihin ng babaeng iyon, "Hello." Medyo kulot ang buhok niya at medyo guwapo, isa siyang binatang matikas ang tindig, marahil ay nagsisikap na mamuhay ng tama. Nagsimula siyang lumapit sa kaniya. Maging ang isang mangangaral . . . Namalayan mo na lang, ang pagnanasa ng laman, at ng espiritung nasa loob, gayon man ay may pahid ito, ang sabi, "Huwag, huwag." Ngunit ano ang gagawin nito? liwasan niya lang iyon, hayun at kumapit na; hayun na siya. Mamamalayan mo na lang kakausapin niya siya at makikipagtagpo na siya sa kaniya. Nagkasala na siya ng pangangalunya hipuin man niya siya o hindi.

67 Ngunit ang isang tunay na isinilang na muling anak ng Diyos... Amen.

Hindi mo iyon magagawa sa iyong sarili. Lubusan ngang imposible para sa isang lalaking mapula ang dugo na makaharap sa isang babaeng tulad niyon nang walang nangyayari. Ngunit kung naroon ang isang bagay na iyon sa loob, ang munting bagay na iyon na isinilang na muli na naroroon . . . Bagama't ang lalaking iyon ay nakasigaw na, nakapagsalita na ng i bang mga wika, lumundag, sumayaw, at lahat na, pinahiran ng Espiritu, nakagawa ng lahat ng mga tanda at kababalaghan na sinabi ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu... 147 Ang sabi ni Jesus, "Maraming magsisilapit sa Akin sa araw na iyon at magsasabi, Panginoon hindi ba't nanghula ako sa Iyong Pangalan? Hindi ba't nagpalayas ako ng mga demonyo sa Iyong Pangalan? Hindi ba't ako ay . . ." Ang sabi Niya, "Magsilayo kayo sa Akin, kayo na mapaggawa ng katampalasanan." Ano ba ang katampalasanan? Isang bagay na alam mong dapat mong gawin, at pagkatapos ay hindi mo ginagawa. "Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga mapaggawa ng katampalasanan, ni hindi Ko kayo nakikilala." 148 Ngunit sa kalooban ng lalaking iyon, kung ang munting posteng-ikitang iyon ay naroroon, ang Binhing iyon ng Diyos na itinalaga bago pa itatag ang sanlibutan, anuman ang mangyari; iyon ang hahawak sa kaniya; mananatili iyon.

68 Kaya nga nagsusuot ng short ang babaeng iyon. Ituturing siyang isang patotot na tulad ng babaeng gumagawa ng aktong iyon. Kita n'yo? Hindi niya nalalaman na ang espiritung iyon . . . Paano niya malalaman? Ang kaniyang kataas-taasang batayan. Ano ba ang isang ultimo? Ito ang huling salita. Ang ultimo ay ang "Amen"; ito ang katapusan ng lahat ng pagtatalo: ang inyong ultimo.

At kung ang iyong simbahan, na isang simbhang Pentecostal ay nagsasabi sa iyo na ang pagpapahaba ng buhok ay isa lamang panatisismo, "Mayroon kang reserbang gulong sa likod ng iyong ulo," at iba pa, ang gayong mga bagay, ang lalaking iyon ay inaalihan ng demonyo; sapagkat sinabi ng Salita ng Diyos na kahiya-hiya sa isang babae ang maggupit ng kaniyang buhok. Winawalang-galang niya ang kaniyang ulo. At kung winawalang galang niya ang kaniyang asawang lalaki, at ang kaniyang asawang lalaki ay ang iglesia, at ang iglesia ay si Cristo ... Siya ay isang di kagalang-galang na relihiyosong patotot: hubad siya at hindi niya ito nalalamati. Nakahubad? Hindi ba't sinasabi ng Biblia na ang pantakip ng babae ay ang kaniyang buhok? Hindi ba't ipinagkaloob ang buhok sa kaniya bilang pantakip?

69 Pagdating ng araw doon sa hukuman . . . Sinikap kong ibuhos ang gamot at takpan ito ng aking mga kamay, at isinuka ninyo ito at lumusot ito sa pagitan ng inyong mga dal iri. Ngunit hahatulan sila ng Diyos balang araw. Iyan ay ITO ANC SABI NG PANGINOON. Hindi ito isane, bungkos ng kamangmangan o kaisipan ng mga haling na matatandang lalaki na natangay tang ng damdamin. Hindi it gano'n, sapagkat ito ay ang Salita ng Panginoon.

At ang isangtunay na Cristiano ay makakaagapay sa panloob na katauhang iyon; ang Espiritung naroon na mula't sapul, na siyang Sal ita. Kung papaanong Siya ang Kapuspusan ninyong lahat, kayo ay nasa Kaniya na noon pa man doon sa Kalbaryo.

Alam na Niya noon pa man na kayo ay mapaparito. Ipinatalastas lang Niya kung anong mangyayari. At naroon na kayo sa Kaniya. Namatay kayong kasama Niya. Namatay na kayo sa inyong kapalaluan; namatay na kayo sa inyong masimbuyong damdamin; namatay na kayo sa sanlibutan. Nang Siya ay ... Namatay kayong kasama Niya sa Kalbaryo at nagban eon kayong kasama Niya, nang mabuhay Siyang muli sa ikatlong araw; at dahil sa tinanggap ninyo Siya, kasama na ninyo Siyang nakaupo ngayon sa mga makalangit na dako kay Cristo Jesus. Aletuia.

70 Hayan. Ang panloob na pagkatao, ang panloob na pagkataaong iyon ang tutugon sa Salita, siya ang manghahal,vakan sa Salita anuman ang.. . Hindi mo ito kayang pigilan. Natutunan ko 'yan maraming taon na ang nakararaan.

Ang anak kona sanggol ay nakaratay roon at naghihingalo. Ang maybahay ko naman ay nakah i inlay sa isang morge, in imbalsamo siya at nilagay siya roon. Ipinatawag nila ako roon, at naroon si Sharon, naghihingalo. Lyon ang pinakamatinding tukso na kinaharap ko sa buong buhay ko. Dalawampu't limang taong gulang ako noon. Pumaroon ako, at si Billy noon ay nasa bingit na ng kamatayan 156 Dumating si Dr. Sam at ang sabi niya, "Bill, labis akong nalulungkot para sa iyo." Niyakap niya ako.

Ang sabi ko, "Doc, wala na akong lakas. Dalawang oral kong binisita ang anak kong si Sharon, tinakbo nila siya roon . . . Ang makita ko siyang sinusumpong; hindi iyon tumitigil. Tinurukan nila siya ng karayom sa gulugod; tinusok nila iyon, nagsabit si la ng karatula: tubercular meningitis."

71 Oh. Humangos ako sa ospital, ipinarada ko ang luma kong sasakyan doon, at lumabas ako, at nagsimula akong pumasok sa sil id. Dumating si Sam sa pasilyo hawak-hawak ang kaniyang sumbrero, umiiyak siya, yumakap siya sa akin, at nagsabi, "Bumalik na tayo, Bill." Ang sabi ko, "Hindi, Sam, hindi ang anak ko." Ang sabi niya, "Oo." Ang sabi niya, "Huwag mo na siyang h i I ingin, Bill. Kahit mabuhay siya," ang sabi pa niya, "mananatili siyang may kapansanan."

Ang sabi niya, "Hindi siya makakausap, at mananatili siyang may kapansanan habang buhay." Ika niya, "Meninghitis ang sakit niya." Ika pa niya, "Huwag kang lalapit sa kaniya. Baka — baka pati si Billy ay

mamatay kung lalapit ka. Ang sabi ko, "Sam, kailangan ko siyang makita." Ang sabi niya, "Hindi puwede, Bill. Pinagbabawalan kita. Ngayon, alam mo kung gaano kita pinapahalagahan. Kaibigan kita at lahat." Ika pa niya, "Gayon na lamang ang pagpapahalaga ko sa iyo," ang sabi, "at gayon na lamang ang sampalataya ko sa iyo, Bill," ang sabi pa niya, "ngunit huwag kang lalapit sa sanggol na iyon." Ang sabi niya, "Kapag ginawa mo iyon, nasa kaniya pa ang men inghitis." Kita n'yo? Ang sabi pa niya, "Papanaw na siya sa boob ng isang sandali," at ika niya, "Ililibing namin siya." Ang sabi niya, "Bill, talagang nalulungkot ako para sa iyo."

72 Tumawag siya, sinabi ko, tinawagan niya ang nurse na ibi I i ako ng isang uri ng garnot. Ang sabi, "Hindi ko alam kung bakit nakatayo pa ang lalaking ito."

Tumayo ako roon sandali. Ipinasok niya ang garnot, at umupo ako sa pasilyo. Ang sabi niya, "Maupo ka," at dinala iyon ng nurse, ang sabi, "Inumin mo ito, Brother Branham." Ang sabi ko, "Salamat; ilapag mo lang diyen sandali."

Nang makaalis siya, ibinuhos ko iyon doon sa luraan, inilapag ko uli ang baso. Ang sabi ko, "Oh, Diyos, ano bang nagawa ko? Isa kang mabuting Diyos. Bakit hinayaan Mong mamatay siya habang hawakhawak kong ganiyan ang dalawang maliit niyang braso, nagmamakaawa ako sa Iyo para sa Kaniya? Bakit hinayaan Mo siyang pumanaw? Naroon si Billy at nakahiga roon na naghihingalo, at heto siya at mamamatay na. Ano'ng nagawa ko? Sabihin Mo sa akin. Panginoon, marahil mas mabuti pang sumama na ako sa kanila." Binuksan ko ang pintuan, at walang nurse na naroroon; palihim akong nanaog sa basement. Iyon ay nung bago pa ayusin ang ospital. Halos walang mga screen sa mga bintana, at nilalangaw ang mumunti niyang mga mata. May kpiraso siyang pangharang sa lamok, ang tawag namin doon ay "kulambo"na nakatakip sa kaniyang mukha. Binugaw ko ang mga langaw. Nakahiga siya roon at ang mumunti niyang mga mata ay nagkakandaduling dahil sa matinding hirap.

73 Nang magkagayon ay nilapitan ako ni Satanas, at ang sabi, "Di ba sinabi mong isa Siyang mabuting Diyos?" Ang sabi ko, "Oo, sinabi ko nga iyon." Di ba sinabi mong isa Siyang tagapagpagaling? Buweno, bakit namatay ang tatay mo sa bisig mo, at hiniling mo ang kaniyang buhay. Bakit namatay ang kapatid mo sa bisig ng isa mo pang kapatid, na naroroon sa malayo, samantalang ikaw ay nangangaral sa pulpito ilang linggo pa lang ang nakakaraan? Ang sabi pa, "Bakit hindi ka Niya sinagot? Ang sabi mo'y mahal ka Niya, iniligtas ka Niya."

Hindi niya magawang sabihin sa akin na walang Diyos 'pagkat nakita ko na Siya. Ngunit ang sinasabi niya sa akin ay hindi Siya nagmamalasakit sa akin Ang sabi niya, "Naroon nakahimlay na ang maybahay mo; doon na rin ang tungo ng mga anak mo di na magtatagal. Nakalibing na ang tatay mo. Nakalibing na ang kapatid mo. Ililibing na ang maybahay mo bukas, at heto pa ang isa mong anak na naghihingalo. Isa nga ba Siyang mabuting Diyos? Ha? Tagapagpagaling nga ba Siya?" Ang sabi pa niya, "Sinira mo ang sarili mo."

74 Anong ginagawa niya? Tinatrabaho niya ang labas tungo sa unang pagkataong ito. Ang, sabi niya, "Ngayon tingnan mo. Alam mo ilang taon pa lane ang nakakaraan, mga dalawa o tatlong taon bago mo tanggapin ito, napakabuti ng iniisip ng mga tao tungkol sa iyo. Namuhay ka ng Tsang mabuti at malinis na buhay. Sinumang babae na nais na makipag-date ay maaaring makipagdate sa iyo 'pagkat disente at malinis wig pakiramdam nila." Maaari akong humarap sa kanino man sa kanila. Hindi ko hinamak ang sino man sa kanila, hindi ako nagsalita ng anuman. Sakali mang magpakita siya ng kapilyahan, inuuwi ko siya.

At gustung-gusto ka ng mga tao, ngunit ano ka na ngayon? Isang relihiyosong panatiko." Tama. Gayon nga ako. Kita n'yo, nagsisimula nang magkaroon ng kabuluhan ang mga bagay na ito. Ang panlabas na pangangatuwiran, at ang espiritu, napaglalakip ng mga ito ang mga bagay na ito. "Tama nga, Satanas." "Pagkatapos, di ba sinabi mo ring tagapagpagaling Siya?" "Oo, a-ah. Oo." "Pagkatapos ikaw ay nagmamakaawa at umiiyak at sinabihan ka ng mga tao na hindi iyon totoo, na nalilihis ka na. Itinakwil ka ng sarili mong simbahan dahil dito. Mismong ang simbahan n'yong Baptist, itinakwil ka nito sa kadahilanang iyon." "Siya nga." "Nakalibing na ang tatay mo; nakalibing na ang kapatid mo, ang maybahay mo ay nakaburool na at ililibing na rin, narito ang anak mong sanggol, mga labing limang minuto pa. papanaw na rin siya, at mawawala na rin siya. Pagkatapos ay tagapagpagaling kamo Siya? Laman at dugo mo ito; isang salita lang mula sa Kaniya at maliligtas ang buhay ng anak mo. isa Siyang tagapagpagaling, iyan ang sabi mo. Sinabihan ka na ng mga kamaganak mo. Sinabi sa iyo ng mangangaral na nagulo na nang husto ang buhay mo, na ikaw ay nababaliw na. Naging isa ka nang relihiyosong panatiko, at pagkatapos ay sasabih in mong mahal ka Niya. Mahal ka nga ba Niya?"

75 "At gayon na lang ang pag-iyak mo dahil sa iyong itay. Kung papaanong nagayuno ka gabi-gabi; at samantalang ikaw sa araw ay kinakailangan manalangin upang makaakyat ka sa poste upang magtrabaho, at hinayaan Niyang mamatay

siya sa iyong bisig: na isang makasalanan. Kung papaanong ang iyong maybahay; napakabuti niyang babae, at gayon na lang ang pagmamahal mo sa kaniya." (Ang ina ni Billy; naalala pa ba ninyo si Hope?) "Napakabuti niyang babae. Napakasaya n'yo, ang munti n'yong tahanan doon na ang lamang

kasangkapan ay ha lagang pito o walong dolyar lamang. Lyon lang ang gamit n'yo, subalit, mahal mo siya; mahal n'yo ang isa't-isa. At humayo ka at nanalangin para sa iba, at sanhi ng kung anong pangkaisipang emosyon ay nagsitayo sila at nagsilakad at nagpahayag na magaling na sila. Ngunit ngayon ang iyong asawa . . . At naroo't patay na siya, ikalawang araw na ito, nakahimlay siya roon sa funeraria, sa Scott and Combs. Tagapagpagaling nga ba Siya, ha? At ang maliit na anak mong lalaki ay nasa bingit din ng kamatayan, si Billy Paul, labingwalong buwan siya. At ang munti mong anak na babae na walong buwan ay nakaratay ngayon dito at naghihingalo siya gawa ng men inghitis, at katatapos mo pa lang manalangin, at ibinaba ng Diyos ang kumot sa iyo at ang sabi Niya, Tumahimik ka, ayaw kitang marinig,' tinalikuran ka Niya. Isa Siyang mabuting Diyos, ha? Mahal ka nga ba Niya? At bawat babaena naging kaibigan mo; bawat lalaking nakahalubilo mo, ang pinakamalapit na mga kaibigan mo ay nagsilayo na sa iyo dahil isang relihiyosong panatiko ang tingin nila sa iyo."

76 Lahat ng sinasabi niya sa akin ay totoo. Lahat ng sinasabi niya ay lumalabas na tamang lahat. Kita n'yo na? Sa pagkakataong iyon ay kamuntik ko nang sabihin, "Kung gayon ako ay ... Kung ganiyan din lang Siya, kung gayo'y hindi ko na Siya paglilingkuran." Nang sabihin ko iyon, may kung anong bagay na nagmula sa kung saan, sa kaloob-looban ko na nagsabi, "Sino ka ba unang-una? Ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang kumukuha."

Kita n'yo, iyon ang panloob na pagkatao. Huwag ka nang mangatuwiran. Inalala ko ang nakaraan, at naisip ko, "Paano ba ako naparito sa ibabaw ng lupa. Nagmula ako sa isang lupon ng mga lasenggo. Paano ako nakarating dito? Sino ba ang nagbigay sa akin ng buhay? Sino ba ang nagbigay sa akin ng asawa? Sino ba ang nagbigay sa akin ng sanggol na iyon? Saan ba nanggaling ang aking maybahay? Saan ba nanggaling ang aking buhay?" Ang sabi ko, "Kah it pat1yin Niya ako, pagtitiwalaan ko pa rin Siya." Ang sabi ko, "Lumayo ka sa akin, Satanas."

77 Ipinatong ko ang kamay ko sa anak ko. Ang sabi ko, "Sharon. iha. ihihimlay kita sa mga bisig ng iyong ina sa loob lamang ng ilang sandali kapag dumating na ang mga Anghel ng Diyos upang ikaw ay kun in. Ngunit it isang araw makikita ka uli ni itay. Hindi ko alam kung papaano iyon mangyayari, iha. Hindi ko masasabi sa iyo kung papaano, kapag tinalikuran Niya ako, hindi Siya makikinig kahit nga para sa iyo. Hinayaan Niyang mamatay ang maybahay ko nang hawak-hawak ko ang kaniyang 'nga kamay, iniyakan ko siya. At ang itay ko naman ay namatay sa bisig kong ito, nakatingala siya sa akin, habol ang hininga. At nanalangin ako sa abot rig aking makakaya." Paano ko magagawang humarap mull sa publiko upang ipangaral ang Divine healing? Paano kong maipapangaral na isa Siyang mabuting Diyos samantalang hinayaan Niyang mamatay ang sarili kong ama na isang makasalanan? Paano kong ipapangaral iyon? Hindi ko alam kung paano, ngunit alam kong tama Siya."

78 Ang Salita ng Diyos ay hindi mabibigong kailan man. Magtatagumpay Ito anuman ang mangyari. Nang magkagayo'y nalaman kong may isang bagay na nasa kaibuturan ng lahat ng pangangatuwiran, may isang bagay na nasa kaibuturan ng lahat ng mga emosyon, lahat ng iba pang tulad niyon; may isang panloob na pagkatao na nagawang manghawakan sa pagkakataong iyon; wala nang ibang makagagawa nito. Bawat katuwiran, lahat ng bagay na maaaring ipakita, ang lahat ay makapagpapatunay na mali nga ito, at nagkamali talaga ako, ngunit ang Salita ng Diyos na naitalaga na bago pa itatag ang sanlibutan ay nanghawakan sa kalooban ko. May naramdaman akong hancing dumaan sa gusali. Kinatagpo na ng espiritu niya ang Diyos.

79 Kapatid na lalaki at habae, hayaan ninyong sabihin ko sa inyo: Lyon lamang. Huwag ninyong itong subukang pangatwiran. Huwag ninyong subukang magpahaba rig buhok dahil sinabi ko. Huwag ninyong subukang gawin ang mga bagay na ito dahil lang sa ang inyong laman ay ... Huwag ninyong subukang gawin ito para lang makaagapay kayo, ngunit maghintay kayo sa harapan ng Panginoon hanggang may isang bagay na nasa kalal imlalaman ng inyong kalooban na...

Marami sa inyo ang nag-aakalang dahil mahaba ang buhok n'yo, na pupunta na kayo sa langit. Hindi ganiyan ang ibig sabihin niyan.

80 Marami sa kanila ang nag-aakalang dahil isa kang babaeng may magandang moral, ikaw ay pupunta na sa . Hindi ganiyan ang ibig sabihin niyan. Marami sa kanila ang nag-aakala na dahil sa kanilang mga simbahan at dahil kasapi sila sa ganoon at gan itong dakilang kalipunan at dahil sa mga dakilang taong dalubhasa sa pagtuturo. Hindi ganiyan ang ibig sabihin niyan. Kita n'yo? Marami ang nag-aakalang dahil sila ay nagsasalita ng iba't-ibang wika, na mayroon na silang Espiritu Santo. Hindi ganiyan ang ibig sabihin niyan, bagama't ang Espiritu Santo ay nagsasalita nga ng iba't-ibang wika. Ngunit malibang ang tunay at totoong Espiritu Santo na nariyan ay magawang tumupad sa bawat salita . . .

Kung ang Espiritu Santong nasa sa iyo na nagbubunsod sa iyo na magsalita ng iba't-ibang wika ay titingin diyan at hindi sasang-ayon sa kabuuan ng Salita, kung gayong ay mating espititu iyan. Kita n'yo? Kinakailangang tngmula ito sa kalooban, na siyang Salita na naroroon na sa pasimula pa lang. Sa pasimula ng paglalang ng Diyos nang magsimulang lumikha ang Diyos at pal itawin Niya kayo . Nakikita n'yo ba, nagsimula kayo noon pa bilang isang binhi at tumubo ito hanggang sa humantong ito sa kung

ano ka ngayon. At kung gayon lahat pala kayo ay nakay Cristo na noon. At nang mamatay si Cristo, namatay Siya upang tubusin kayong lahat. At kayo ay bahagi ng Salitang ito. At papaanong magagawa ng Bibl ia — lahat ng ito ay utos at utos, bilin at Hirt, dito'y kaunti, doo'y kaunti, walang isa mang tuldok o kudlit na mabibigo Paanong mangyayaring ikaw, bilang bahagi ng Salitang iyon, ay sasalungat sa iba pang bahagi nito?

81 Pagpalain kayo ng Diyos. Lumampas na ako sa oras. Hindi ko sinasadya — na pagtagalin kayo ng ganito. Ipagpaumanhin n'yo na napagt. agal ko kayo: hindi ako nagpapaumanhin sa anumang nasabi ko. Tayo ay nasa pinaka dulo na ng isang bagay, mga kaibigan.

Lahat kayo rito, sa wari ko, ay mga miyembro lamang ng simbahn natin. Hindi sapat ang panahong itinitigil ko rito upang makita kung sinu-sino na ang mga miyembro natin. Ipinapalagay ko na bang na lahat kayo ay palagiang nagsisiparito. Hayaan ninyong sabihin ko sa inyo ang isang bagay na naganap. Maaari bang magbigay pa kayo ng mga anim o higit pang mga minuto?

82 Si Reverend Mr. Orland Walker ba na taga Oregon ay naririto ngayon, narito kasi siya nung Linggong narito ako? May nakakaalam ba tungkol sa dakila at kakatwang bagay na iyon? Nagpunta ako rito. Napakaraming mga taong pumapasok, maraming tao akong kailangang kapanayamin, at bawat isa sa kanila ay karapat-dapat, ang mga anak nilang nag-asawa, mga lasenggo, at iba'tibang alga bagay, at sadyang mga bagay na karapat-dapat. Dapat ay nabigyan silang lahat ng pagkakataon. Hindi ko kayang gawin ang lahat ng iyon. Ipinagtitiwala ko kayo sa Diyos at ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanila ... "O Diyos, hindi ko iyon kaya. Puntuhan Mo po sila. Panginoon. Gawin . . . Alam Mo kung papaano gagawin iyon. Dalangin ko ang bawat isa sa kanila."

83 Tinawagan ako ni Billy at kapapasok ko lang kasama si Brother Banks. Ang sabi niya, "Daddy, i—ikaw ..." At tingnan n'yo, nakikita ko ang., mga taong nagmamaneho sa kalsada, sumisilip sila, at dinudungaw ko sila at kinakawayan ko silang ganiyan, at halos ay mabali ang ulo nila kalilingon. Ayaw kong gawin n'yo iyon. 178. Nung isang araw nang bilhin nila ang lugar na iyon sa Tucson para tirhan ko, may isang lugar doon na gustong bilhin ni Brother Tony para sa akin sa halagang halos tatlo o apat na ulit ng halaga ng lugar na ito. Gusto niyang magamba.g doon ng ilangdolyares, ngunit ang,tanging paraan para makapasok siya roon ay . . . may tao roong nagbabantay sa tarangkahan. Isang napakalaking, buweno, idinagdag nila iyon doon. pero sa mga nakatira roon, kailangan may hawak kayong sulat ng pahintu lot. Pagkatapos ang bantay sa tarangkahan ay tatawag sa iyo upang malaman kung papapasukin ba sila.

Ang sabi ko, "Maiisip mo ba ako? Ang mga kapat id ko, na pumaparito upang makita ako at mak ipagkamay sa akin at durnadalangin ng pagpapala para sa akin, pagkatapos ay maiisip mo bang ilalagay ko ang sarili ko sa gayong kalagayan, Tony? Ang sabi niya, "Buweno, mayroon kang . . ." Ang sabi ko, "Tony, ang gawi ng iglesia at ng lahat na ayaw magpalapit ng mga tao." Ika ko, "Iyon ay para sa mga taong lahat na lang ay ipinagagawa sa akin."

Sasabihin nila, "Buweno, sinabi iyon sa akin ng Panginoon. Aleluia. Titigil ako rho. Luwalhati sa Diyos. Sinabi sa akin ng Panginoon na kailangan mong magdaos ng pagtitipon dito sa aming grupo. Siya nga po. Luwalhati sa Diyos. Sinabi sa iyon sa akin ng Diyos. Kung hindi mo iyan gagawin Brother Branham, tiyak na nalayo ka na sa Diyos," at naroo't nagsisikap akong magaral. Kita n'yo? Iyan ang . . . Kita n'yo? At maraming mabubuting tao ang hindi tuloy makalapit gawa nito.

84 Tulad ng isang lalaking nangangaso dito sa isang bukirin. Isang magbubukid ang nagsabi, "Tumuloy ka. Maaari kang mangaso." At pumaroon siya at binaril ang isa sa mga baka niya. Nagkubli kasi ang kuneho sa ilalim ng baka, binaril niya ang kuneho. Inaakyat mo ang bakod sa halip na doon ka sa may poste umakyat para ka makatawid tulad ng dapat sanang ginagawa ng isang disenteng lalaki; inakyat mo ang bakod at nagiba iyon. Kita n'yo? At pagkatapos ay sasabihin niya, "Maglalagay na ako ng babala sa lugar na ito." Hindi ko siya masisi kahit kaunti, ni katiting man. Kita n'yo? Ngunit ano ang ginagawa niya? Napipigilan tuloy niyang papasukin pati ang mga disenteng mangangaso. Laging ganon ang nangyayari. Ang masama ang humahadlang upang mamayani ang mabuti. Laging ganiyan ang nangyayari.

85 Ngayon, subalit ang mga taong iyon ay . . . Libu-libo ang tunay na nangangailangan at mabubuting tao sila, mga taong rnapagmahal, puspos ng biyaya ng Diyos. 183 Ngayon, nakuha namin ang bahay ... Nagdadatingan ang mga taong gano'n. Hindi — hindi namin gusto iyon. Hindi. Ngunit ang lalaking ito ay dumating. Ang sabi ni Billy, "Magmadali ka nang bumaba, Daddy." Ang sabi niya, "Narito si Mrs. Waldorf may kasamang mga taong nasa bingit ng kamatayan. Kailangang mo silang matingnan kaagad," at nagmadali akong pumasok, bumaba ako rito, at pagbalik ko, ang sabi nila, "Walang ibang tao rito maliban sa isang lalaking natutulog sa isang tabi, nakahiga sa unan arawaraw sa gilid ng gusali." Ang sabi pa nila, "Ang sabi niya ay nais niyang ipanalan gin mo siya."

Ang sabi ko, "Sige." Ang sabi niya, "Ipapasok ko siya." At pagpasok ko . . . Sa pakiwari ko, isang Cadillac ang nakapuwesto roon sa likuran o isang uri ng malaking kotse, na sinakyan ko kasama si . . . At ang sabi ng lalaking iyon,"Kumusta ka?" Hindi niya ako kilala.

At pumasok ako. At si Sister Waldorf, ang abang babaeng iyon ay pumasok. Alam n'yo, siya ay . . . Alam n'yo ang kaso niya, hindi ba? Kita n'yo, nagka-cancer siya, namatay siya sa prayer line isang oras bago ako makalapit sa kaniya, at lumapit ang kaniyang duktor at ipinakitang Mga labingwalong taon na iyon: may kanser siya sa puso. Kita n'yo? At buhay siya hanggang ngayon. At siya ay nakatira ngayon sa Arkansas, at nasa Phoenix siya noon. At ang sabi niya, "Brother Willie, hindi ko gustong pumasok nang ganito", ngunit ang sabi niya, "Wala kasi akong lugar na matutuluyan. Ayaw niyang . . . Ang sabi ng mga taong ito, ang babaeng ito ay mamamatay na, Brother Willie." Ang sabi pa, "Gusto ko sanang magdala ng maliit na handog sa aking kamay, Brother Willie." Ang sabi pa niya, "Kaya Lang hindi ko kaya, ngunit nagmatamis ako ng ibang blackberry jelly."

86 Oh, nang umakyat ako roon at nakita ko ang maliliit na garapon ng jelly na inilapag niya roon, parang napaka sagrado nito para kan in ko. Ang kaibig-ibig na matandang babaeng iyon, mga pitumpung taong gulang na. Ang sabi ko, "Sister Hattie, hindi ko masabing 'huwag.'"

Hindi, nakita ni Jesus na naghuhulog ng tatlong pera ang balong iyon, at hinayaan lang Niya siya. Kita n'yo? Hindi. Gagantimpalaan siya ng Diyos dahil doon. Siya nga ..?... At kaya nga, pinagaling ng Panginoon ang babaeng iyon, napagaling ang lahat ng sakit niya, ipinahayag sa kaniyang pastor kung ano ang— ang iniisip niya, kung anong dapat niyang gawin, yun pa nga pala. At oh, nagsisigawan silang lahat at nagbubunyi nang magsilabas sila.

87 Pagkatapos ay humangos si Billy papasok at nagsabi, "Daddy, wala na ang lalaking iyon. Hindi ko . . ." Ang sabi ko, "Sino yung nasa kotse doon sa labas.?" "Oh," ang sabi niya, "isang lalaking naparito gal ing sa Oregon"; ika niya, "May napanaginipan siya, at sinabi ko sa kaniya na hindi ko siya bibigyan ng huwad na pag-asa. Tatlong daang katao ang narito ngayo't naghihintay." At ang sabi ... At sinabi ko sa kaniyang isulat na lang niya ang panaginip. Ang sabi ko pa, "Ganiyan kataas ang papel na nakatambak doon sa amin at idadagdag na lang nila iyon doon." Ang sabi ko, "Ipasok mo siya. Bigyan mo siya ng Iitnang minuto."

Buweno, pagpasok na pagpasok ng lalaking iyon... Limang minuto. Ang sabi niya, "Ako'y si Reverend Walker (Sa wari ko'y iyon ang kaniyang pangalan,) na taga Oregon." Sa palagay ko'y taga ibang denominasyon siya. Hindi ko alam: Presbyterian, Episcopalian, ano man iyon.

Ang sabi niya, "Nagkita tayo mga dalawampung taon na ang nakararaan. Bumaba ako roon sa Grant's Pass kung saan (hindi Grant's Pass, ngunit nakakalimutan ko ang pangalan ng lugar.)," ang sabi pa, "Ang buong lalawigan ... naka-headline iyon sa pahayagan tuwing umaga," ang sabi, "alam ng lahat ang tungkol doon." Ika niya, "Ni hindi ako makapunta sa gusa I ing kinaroroonan mo, ngunit nakita kitang lumalakad minsan sa isang kalye. Nilapitan kita." Ang sabi niya, "May apat o limang kalalaking nakapalibot sa iyo at kinamayan kita, ikaw ay . . . sinabi ko sa iyo na ako si Brother Walker, at sinabi mo sa akin kung sino ka, at nag-usap tayo nang kaunti, at pagkatapos ay itinulak kang pasulong ng tatlo o apat na kasama mo." Ang sabi niya, "Hindi ako kabilang sa tumutuligsa sa iyo, at hindi rin naman ako kampi sa iyo". Ang sabi niya, "Talaga lang hindi ko naintindihan."

88 Ang sabi niya, "Nagpatuloy iyon nang gayon ng ilang mga taon, at kalaunan," ang sabi niya, "Ako . . . May isang lalaking nag-aya sa aking makinig ng ilang tape mga tatlong taon na ngayon ang nakararaan." Ang sabi niya, "Ang lalaking ito ay naniniwalang ikaw ay isang propeta." Oh, ang sabi niya, "Sinabi ko sa lalaking iyon, Wala akong alam tungkol sa ganiyang mga bagay: marahi I nga, malay ko ba."

Kaya ang sabi niya, "Pagkatapos ay may isang lalaking lumipat sa aming bayan. nagdaos siya ng pagtitipon, at nagkita kami, at ang sabi niya, "Ako ang propeta para sa araw na ito." Ang sabi niya, "Ilan ba sa inyo ang naroroon?" Ang sabi, "Na — nabalitaan kong may isang lalaki ritong nakikinig sa mga tape na nagsabing, si William Branham, na taga roon sa silangan ay isa umanong propeta ng panahong ito, sampu ng ibang bagay na tu lad nito."

Ang sabi niya, "Ang lalaking ito ..." (Hindi ko babanggitin ang kaniyang pangalan, dahil hindi wastong banggitin ko pa iyon dito. Naiintindihan n'yo ba?) At ang sabi niya, "Kilala ko si William Branham." Ang sabi, "Ngunit maling-mali siya sa kaniyang doktrina." Ika niya, "Hindi kasi siya Pentecostal; hindi siya naniniwala sa paunang katibayan." At ang sabi pa, "Isa pa," ang sabi niya, "itong sinasabing major at minor prophet, walang ganiyan." Alin sa dalawa isa kang propeta o kaya nama'y hindi ka propeta, iyon lang iyon."

89 Ang sabi niya, "Buweno, ginoo, hindi naman ako nakikipagtalos sa iyo tungkol diyan; sinabi ko lang na narinig kong sinasabi ng taong ito na itong lalaking si William Branham ay . . . Sinabi ng lalaking ito na isa siyang propeta." Ang sabi niya, "Inisip ko lang kung ilan sila."

Ang sabi niya, "Ngunit nais kong malaman ito. Ako ang propeta ng panahong ito." Ang sabi niya, "Ikaw nga ba? Pagpalain ka ng Panginoon at sumaiyo nawa Siya."

Nagpatuloy siya, hindi niya iyon pinansin. At ang sabi niya nagpasimula siya ng isang serye ng mga gawain sa kalipunan ng mga kapatiran niya. At nagtungo

siya sa Post Office at nagsabi, "Huwag ninyong palitan ang aking koreo. Hayaan n'yo iyon dito." Ang sabi, "Babalik ako pagkatapos ng apat o limang araw." "Sige," ang sabi nila. Naglagay sila ng paunawa roon na huwag iyon palitan. Nagpunta siya sa kaniyang anak na babae. At nang patungo na siya roon, turnigil siya sa isang simbahan, at siya ang nagsalita sa gawain nung gabing iyon. Kinahukasan ang sabi niya ay naisip niya, "Humayo ka at kunin mo ang General Delivery," at nang pumaroon siya, may isang sulat na nakalusot sa Post Office at nakarating sa kaniyang anak na babae. Ang anak niyang babae ang nagpadala ng General Delivery.

90 Binuksan niya ito, at sinabi nito na isang lalaking Mr. Hildebrandt, na kaibigan ko, ang nagpapatugt, og ng mga tape. Ang sabi, "Naba(itaan ni Mr. Hildebrandt kay Roy Roberts (At isa siya sa mga namamahala, alam n'yo na.) na ako raw ay magdadaos ng gawain dito mula a-bcnte otso hanggang a-uno. Bumalik ka at nang makita mo mismo." 198 Ang sabi niya, "Ngayon, tignan n'yo, pil it akong pinapapasok ng mga lalaking iyon sa gayong bagay." Kita n'yo? Basta't itinapon niya ang sulat sa basurahan at umal is na siya (Kita n'yo?), nang gayon. Humayo siya at nagdaos siya ng gawain nung gabing iyon, at kinabukasan ay nagpasimulang mabagabag ang kaniyang puso at umiyak siya sa silid na iyon.

91 Ang sabi niya, "Mr. Branham, nauunawaaan kong kailangan kong tumayo sa harap ng Diyos." Ang sabi niya, "Hindi ko alam kung tulog ako noon o kung ano talaga ang nangyari. Ang sabi niya ay nanaginip siya; sasabihin kong ako ay tulog at ako ay nanaginip." Ang sabi niya, "Akala ko isinuot ng anak kong lalaki ang kamay niya sa isang sako." Ang ika pa niya, "Ang nangyari, isang sako pala iyon ng mansanas, at natapon ang mga iyon sa sako." Ang sabi niya, "Nang pulutin ko ang mga iyon, mga mansanas pala iyon kulay berde na lahat ay may kagat." Ang sabi niya, "Pinagpupulot ko ang mga iyon, ibinabalik ko sa sako." Ika niya, "Ang ilan sa mga Ito ay gumulong palabas at gumulong pababa." Ang sabi, "Sinubukan kong kunin ang mga iyon sa mga damo." At ika pa niya, "Gumulong ang mga ito sa ilalim ng isa sa mga kadenang bakod na ito, at may isang malaking superhighway sa tabi nito. Lumingon ako sa silangan." At ang sabi niya, "Ang kadena ay nakakawit sa isang malaking bato doon sa silangan. Nagtungo ako roon, at naisip kong ibaba ang kadenang ito, at tatawid ako at kukunin ko ang mga mansanas para sa lalaking iyon." Ang sabi niya, "Sinimulan ko nang ilundo ang kadenang iyon." Sabi niya, "May isang tinig na yumanig sa buong lupa." Ang sabi niya, "Nauga ang lupang tinatapakan ko."

92 At sabi niya, "Pagkatapos ng pagyanig, nakarinig ako ng isang tinig." At sabi pa niya, "Brother Branham, tinig mo iyon." Ang sabi, "Alam ko iyon, sadyang may kung anong nagsabi sa akin." Ika niya, "Sinabi nito, Tatahakin ko ang daang Ito minsan pa.' At ang sabi niya, "Nagsimula akong turningala sa bato nang ganito, at in ilampas ko ang aking tingin sa mga ulap, at doon sa kataas-taasan ay nakatayo ka sa isang bato na sumasakop mula sa silangan hanggang sa kanluran na may anyong patulis na ganiyan, tulad sa isang pyramid. Umabot ito sa silangan," at sabi niya, "naroon ka nakasakay sa isang kabayo, na noon ko lang nakita sa tanang buhay ko: napakalaking kabayong puti, ang maputing buhok nito ay nakalaylay." At sabi pa niya, "Ang suot mong damit ay gaya ng sa isang Pinunong Indian, taglay mo ang lahal ng bagay na ginagam it ng mga Indian." Ang sabi niya, "Mayroon itong isang pektoral, mga palawit sa braso, at pababa at paikot na ganiyan." At sabi pa niya, "Nakataas nang ganiyan ang iyong mga kamay." At sabi niya, "Ang kabayong iyon, na nakatayo doon tulad sa isang kabayong pangsundalo, naglululundag nang ganito, lumalakad, at ako naman ay nakasakay nang tahimik." At sabi niya, "Hinatak mo ang renda, at nangabayo ka pakanluran."

93 Ang sabi niya, "Tumingin daw ako sa ibaba at naroon ang napakaraming mga siyentipiko." Kinabukasan (Sabado no'n.) — kinabukasan ay nangaral ako tungkol sa mga scientist, alam n'yo na, na sila'y sa diablo.

At sabi niya, "Ang mga siyentipikong naroroon ay nagbubuhos ng mga bagay-bagay sa test tube at pinaglahuk-lahok nila ang mga iyon." Sabi pa, "Pinatigi I mo ang kabayo, itinaas mo ang iyong mga kamay at nagsimula kang sumigaw: Minsan ko pang tatahakin ang landas na ito.' Sabi niya, "Ang buong mundo ay yumanig. Ang mga taong iyon ay nagitla," sabi niya, "nagkatinginan silang ganiyan, tumingala sila sa iyo, nagkibit-balikat lang sila at nagpatuloy sa kanilang siyentipikong pagsasaliksik."

At sinabi niya, "Nagsimula kang magtungo sa kanluran at nang mangyari iyon, ang sabi niya'y nakita niya ang lalaking ito na nag-aangking isang propcta (alam n'yo na). Ang sabi, "Lumapit siya sakay ng isang kabayong ang kulay ay pinaghalong puti at itim." At sabi, "Lumapit siya sa I ikuran ng napakalaking kabayong iyon." Ika niya, "Sa itaas iyon ng mga ulap, at ang kalsada ay di hihigit ang lapad diyan." At sabi niya, "Ang kabayong iyon ay sadyang 9 hinihipan ng hangin ang mga balahibo at lahat ng nasa damit mo," at ang sabi, "at ang buhok at buntot ng kabayo ay hinihipan ng hangin: dakilang maestro, malaking kabayong puti na lurnalakad nang tuwid na tuwid ..." At ang sabi niya, "Ang lalaking ito ay lumapit sa likuran mo, galing sa direksyon ng Canada." (At ang lalaking iyon ay taga Canada.) At ang sabi niya, "Magbalik ka at sabi niya tinangka niyang patumbahin ang kabayo mo sa pamamagitan ng kaniyang maliit

nakabayo, pinaiikot niya ito: pinatatama niya ang balakang nito sa . . ." Ang sabi, "Hindi natinag ang malaking kabayo; nagpatuloy lang ito sa paglakad." Ang sabi niya, "Pagkatapos, bigla na lang," ika niya, "Lumingon ka." At sabi niya, "iyon ang ikatlong pagkakataon na nagsalita ka, ngunit nung ikalawang beses na magsalita ka ay sinabi mo, Tatahakin ko." At sabi niya, "Hindi ka naesalita tulad ng ginawa mo nung una; nag-utos ka." Aug sabi niya, "Lumingon ka at tinawag mo ang lalaking iyon sa kaniyang pangalan at nagsabi ka, 'Bumaba ka na rito.' Alam mong walang taong makatatahak sa daang ito nang hindi itinalaga ng Diyos. Bumaba ka na rito."

94 At sabi niya, "Ang lalaking iyon ay bumuwelta; at ang sabi niya ay sinusulatan daw siya ne, lalaking iyon." At sabi pa niya, "Sa kalaparan ng balakang ng kaniyang kabayo (ang pinaghalong itim at abuhin) . . ." Ang sabi, "Sa kalaparan ng balakang ng kaniyang kabayo ay nakasulat ang kaniyang pangalan, ang kaniyang pirma, katulad na katulad ng nasa sulat na ito. At siya ay tumulak patungong hilaga."

Ang sabi niya, "Pagkatapos ay nagtuluy-tuloy kang pababa; ang malaking kabayong iyon ay lumiko, pakanluran sa pinakadu long kanluran." At sabi niya, "Tumigil ka, at itinaas mo ang iyong mga kamay nang ganiyan." At nagsimula siyang um iyak. Ang sabi niya, "Brother Branham. ang makitang nakatayo ang kabayong iyon doon, na may buneteng pandigma at lahat nang tulad niyon ..." At sabi niya, "Ang pectoral na iyon at lahat ng iba pa ay nangingintab." Ang sabi niya, "Itinaas mo ang iyong mga kamay nang Hang sandali. At sabi niya, "Tumingin ka uli sa ibaba, hinawakan mo ang renda, at ang sabi mo, M insan ko pang tatahakin ang landas na ito." Ang sabi niya, "Nayanig ang lupang ganiyan, ilang ul it." At sabi pa niya, "Wala nang natirang buhay sa akin. Bumagsak na lang ako sa tabi ng bato, at doon na ako

At ang sabi niya, "Ano pong ibig sabihin nito?" Ang sabi ko, "Hindi ko alam."

95 Kinabukasan si Junior Jackson na nakapanaginip tungkol sa pyramid, alam n'yo, nang ako ay magtungo sa kanluran, naaalala n'yo pa ba iyon? Tinawagan niya ako isa o dalawang buwan bago pa iyon. Nagkaroon siya ng panaginip na gayon na lamang ang pag-aalab; kinailangan niyang sabihin iyon sa akin. Ngunit ang sabi ko, "Billy ... May mga dalawampung taong nakatayo roon sa labas.

Ang sabi niya, "Ang sabi ni Junior Jackson ay kailangan daw niyang sabihin sa iyo ang panaginip niya." Ang sabi ko, "Papasukin mo siya sa boob ng mga limang minuto."

Isinama niya ang maybahay niya, upang umano'y sumaksi. Ang sabi niya, "Nanaginip ako, Brother Branham, nangangabayo raw kaming magasawa." At ang sabi niya, "Lumingon ako sa silangan, at may nakita ako roong parang isang batik, na parang flying saucer."

96 Kita n'yo, hindi alam ng sanlibutan kung ano iyon. Nalalaman n'yo Alam ninyo, lahat ng ito ay nasa . . . Nalalaman natin kung ano iyon. Kita n'yo? Alam natin na iyon ay mga nagiiimbistigang Anghel ng paghuhukom (Nakikita n'yo ba?), at sila . . . Kung papaanong ang Pentagon, kung papaanong nakaabot ito hanggang sa intelligence; kung papaanong lumilipad ang mga ito na parang kislap ng liwanag at biglang naglalaho ang mga ito; hindi iyon maabutan ng anumang sasakyan nila. Kita n'yo, at hindi nila malaman kung ano iyon. Kita n'yo? Hayaan n'yong isipin nila kung anong gusto nila. Tinatawag nila ang mga iyon na mga flying saucer o kung ano man hindi kasi nila alam. Kita n'yo? "

97 Ang sabi niya, "Nakita ko iyong dumarating, at pinagmasdan ko iyon. At isa pala iyong lalaking nakakabayo," at ang sabi'y, "dumating niyang simbi I is ng kidlat." Sabi niya, "Nakita kong bababa siya sa harapan ko, at itinigil ko ang kotse ko, at dali-dali akong bumaba. Nang makababa ako," ang sabi niya, "ang kot—kabayo ay nakatayo sa kalsada, isang malaking puting kabayong pansundalo na lumalakad nang palundag-lundag." Ang, Sal ita iyon, siyempre pa, alam n'yo iyon, naglalakad ng palundag-lundag.

Ang sabi niya, "May isang lalaking nakaupo rito." Ang sabi niya, "Siya ay nakabihis ng western: hindi isang cowboy," ngunit ang sabi, "mukhang pinuno ng mga ranger o anuman iyon." (Kita n'yo, lahat ng kaniyang pangunahing awtoridad mula sa kanluran. Ang mga Indian na namumuno sa mga Indian, mga sundalong namumuno sa . . .) Kita n'yo? At sabi niya, "Ang sumbrero ng lalaking iyon ay nakasubsob at na - patagilid siya kung turn ingin." At ang sabi niya, "Nang tumingin siya nang patagilid," sabi niya, "Ikaw pala iyon, Brother Branham." Ang sabi niya, "Noon ka lang nagusap ng gano' n. Ang sabi mo, 'Junior' (tinawag ko raw siya ng tatlong beses.)" Ang sabi niya, "Sasabihin ko sa iyo kung anong dapat mong gawin." At ang sabi niya, "Pagkatapos ay hinaltak mo ang renda ng kabayo; humakbang siya ng tatlong malalaking hakbang at pumanhik siya sa kalangitan, at ikaw naman ay unti-unting naglaho habang patungo ka sa kanluran."

98 Ang sabi niya, "Sa isang sandali lamang. Tumingin ako sa paligid at narito ang isang kabayo na mas maliit kaysa sa isang iyon, pareho sila ,ng lah ngunit mas maliit ito, at nakatayo siya." Sabi niya, "Nilapitan ko iyon." Sabi niya, "Malamang ay ipinadala niya ito pars sa akin. Kaya sumakay siya." Nakapangabayo rin naman si Junior kahit paano; at ang sabi niya, "Alam mo kung papaanong umaakma sa iyo ang iyong siya, Brother Branham, ang mga suksukan ng paa at iba pa." Sabi niya, "Naisip ko, Buweno, sukat na sukat ito sa akin.' Kaya hinaltak ko ang renda, lumarga ako papuntang kalangitan." Ang sabi niya, "Binatak ko ang renda at pinahinto ko siya, iniliko ko siya at ako ay nagbalik." Kita n'yo?

."Pagbalik ko," sabi niya, "Inihinto ko ang kabayo, bumaba ako, at kinausap ko ang aking maybahay, at nawala na ang kabayo." Ganadongganado siya.

99 At nung makalawa, tatlong araw na ngayon ang nakararaan dumating si Leo Mercier, ganoon na naman ang dala niyang panaginip, wala siyang kamalaymalay tungkol dito, tungkol sa pagpapalahi ng isang babaeng kabayong itim sa isang malaking lalaking kabayong puti, at hindi n i la iyon magawa: ninenerbiyos siya. Ang sabi niya, "Lumapit ako roon; at nagsabi, Leo' at sinabi niya sa kaniya kung anong ginawa ko. Ayaw kong sabihin iyon dito. Kita n'yo? Sinabi ko sa kaniya kung anong ginawa ko. Ang sabi niya, "Di mo ba nakikita na hindi ko alam ito. 'Hindi ko alam na may manugang na lalaki si Ed Daulton, at ang manugang na ito ay may asong ganito ang pangalan. Malalaman mo, Leo, na iyon ay panaginip mo, ngunit paggising mo, naaalala mo.'" At sabi niya, "Noon lang ako nakarinig ng gano'ng pag-uutos."

100 Nang mga oras na iyon ay pumasok si Roy Roberson, at nagsabi, "Brother Branham, naaalala mo ba noong bago mo iwanan ang simbahan sa unang pagkakataon? Kami'y . . . Nakita kitang ti la nakaupo, sa Palestina. Magkakasama tayong lahat ng mga miyembro ng lupon, at nakaupo tayong tulad ng sa huling hapunan ng Panginoon, at pagkatapos ay nagsalita ka at h in — hindi ka tiyak kung anong sinasabi mo." Sabi niya, "May bumabang isang puting ulap at kinuha ka nito, inilayo ka nito." Han ba ang nakakaalala ng panaginip ni Brother Roy? At sabi niya, "Dinala ka ng puting ulap na iyon palayo." At sabi niya, "Nang magkagayo'y nawala ka, at pabalik-balik akong naglakad sa kalsada at nags isisigaw ako at um iiyak." Nang lumabas ako rito at ang maliit at matandang bisig na iyon na pilay na parang...?.. . Ibinagsak niya ang pangalaykay at nagsimula siyang umiyak nang makita niyang lumabas ako roon. Matagal ko siyang di nakita kaya sinasabi niya sa akin ang panaginip. At ang sabi niya ... At nagkakalaykay siya noon ... at ang sabi niya,

101 "At umalis ka, kaya ginalugad ko ang mga kalye sa paghahanap sa iyo; hindi kita makita kahit saan. Sumisigaw ako, 'Brother Branham, huwag kang aalis." Sabi niya, "May isang puting ulap na dumating at tinangay ka nitong palayo sa am in patungong kanluran."

Nauna na iyon bago pa ang pyramid o ang alin mang bagay. Ang sabi niya, "Dinala ka nito patungong kanluran. At umiyak ako at ginalugad ko ang mga kalye, at makalipas ang ilang panahon ay naupo ako sa isang hapag. Napatingin ako sa kabisera." Sabi niya, "Nakita ko na ang malaking bahagi mo ay simputi ng niyebe." Ang sabi niya, "Nakatayo ka roon" at ang sabi niya, "nangusap kang may kapamahalaan. Di na kailangang hulaan pa iyon." Sabi niya, "Naintindihan ng bawat isa ang sinasabi mo."

Oh, kapatid kong lalaki at babae; ngayon, alam kong alam ng bawat isa sa inyo kung anong ibig sabih in niyon. Kita n'yo? Magmatiyag lang kayo. Manatili kayong malapit kay Cristo. Hayaan ninyong balaan ko na kayo ngayon, bilang isang ministro ng Ebanghelyo na — na ito ay . . . Huwag kayong tatanggap na anumang karnangmangan. Huwag kayong mag-isip ng anuman. Manatili kayo sa kinaroroonan ninyo hanggang sa ang kaloobloobang ito ay maiangkla na sa Salita, na kayo nga ay na kay Cristo na; 'pagkat iyon ang tanging bagay na ... "Pagkat tayo'y nabubuhay dito sa pinakamadayang panahon sa lahat. Dadayain

nito maging ang pinaka hirang kung maaari lang, sapagkat mayroon silang pagkapah id. Magagawa nila ang anumang bagay tulad din naman ng lahat ng iba sa kanila.

102 Linisin ninyo ang inyong mga buhay; bayaran ninyo ang inyong mga utang; huwag kayong magkautang sa kanino man. Ang sabi ni Jesus, "Ngayon ...Ngayon, hindi ko tinutukoy ang mga bagay tulad ng renta n'yo sa bahay at iba pa. Kailangan ninyong gawin iyon. Alisin n'yo na sa inyong mga kamay ang lahat ng mga bagay. Ituwid na ninyo ang lahat ng bagay. Maghanda kayo. Humanda kayo. Alalahanin n'yo sa Ngalan rig Panginoon, may isang bagay na napipintong mangyari.

Magtutungo ako sa kabundukan itong linggong ito, hindi naman talaga para mangaso ng mga squirrel, 'pagkat gusto kong nangagaso ng mga squirrel; ngunit tutungo ako roon dahil sa layuning ito, na nagsasabing, "Oh, Diyos, hindi ko alam kung saang dirksyon ako dapat kumilos, at ayaw kong makalampas ito sa akin. Tulungan Mo po ako."

Ipanalangin ninyo ako. Maaari n'yo bang gawin iyan? Mananalangin ako para sa inyo. Umaasa ako na sa pamamagitan ng mga kahabagan ng Diyos na makakatagpo ko ang bawat isa sa inyo, at magkikita tayo sa isang mas mainam na lugar kaysa dito.

103 At ano nga ang ipinupunta natin dito? Ano nga ba ang ating ginagawa? Naparito ba tayong naglalaro? Tayo ba ay pumaparito na nagkakatipon tulad sa isang bahay-pahingahan? Ito'y ... Hindi makapaparito si Cristo malibang ang iglesia ay ganap nang matuwid. Naghihintay Siya sa atin. Nainiwala akong nasa dulo na tayo.

Tingnan ninyo ang California. Tingnan ninyo ang mga rayot. Tignan ninyo ang labingsiyam na kataong pinapatay, dahil sa pagkakaiba ng lahi. Hindi ba't sinabi ko sa inyo rito di pa katagalan, na aakayin ni Martin Luther King ang kaniyang mga tagasunod tungo sa isang masaker? Ilan ba ang nakakaalala? Hindi

ang mga maiitim na taong iyon ang problema; kundi ang mga lider nila na nagpapaalab ng kanilang damdamin. Hindi ito dahil sa pagsasanib, sa pagbubukod, at kung ano pa mang nais ninyong itawag dito. Ang diablo ito. Hindi lamang sa puti, sa itim; lahat sila. Ito'y ang diablo.

104 Ang kakayahang magisip at pangangatuwiran ng tao ay nawasak na. Wala nang pag-asa. Di na ito maabot ng pag-asa. Ang kabuuan nito ay mistula nang isang sugat na nagnanaknak.

Ang kakayahan ng pag-iisip ng mga tao, hindi na nila magawang magdesisyon. Hindi ako pulitiko. Hindi ako... Hindi ako Democrat o Republican, marumi silang lahat. Ako ay para sa isang Kaharian at iyon ay ang Kaharian ni Jesus Cristo. Iyon lang. Ngun it sa sanlibutan . Nakakita na ba kayo ng isang bungkos ng mga tau-tauhan tulad ng naroon ngayon sa itaas? Tulad ng bungkos ng mga taga-Texas na naroon ngayon. Aba'y ang sabi nila, "Anuman ang nais ng mga tao. Kung nais nila ang Komunismo, ibibigay namin sa kanila ang komunismo. Kung nais nila ng pagsasanib, ibibigay namin sa kanila ang pagsasanib. Nais nila ng pagbubukod, ibibigay namin . . . kahit ano." Nasaan na ang mga lalaki?

Oh, Diyos, tulad din iyan ng pulpito. Nasaan na ang mga kalalakihan? Mga kalalakihan na naninindigan sa isang prinsipyo? Nasaan na ang mga kababaihan na naninindigan sa isang prinsipyo? Nasaan na ang iglesiang naninindigan sa isang prinsipyo? Wala akong kapana-panahon para sa isang walang paninindigan, sunudsunuran, at mapagkompromisong espiritu.

Kung ang isang babae'y babae, hayaan mong maging isa siyang matimtimang dilag. Kung ang isang lalaki'y lalaki, hayaan mo siyang maging isang tunay na lalaki.

105 Kung isa siyang pangulo . . . Nasaan na nga ba ang ating mga John Quincy Adams? Nasaan na ang ating mga Abraham Lincoln? Mga lalaking maprinsipyo. Nasaan na ba ang ating Patrick Henry? Nasaan na ang lalaking hindi natatakot na magsalita kahit labanan siya ng buong mundo, nagsasalita siya para sa kung ano ang tama, at pinaninindigan niya ito, at mamamatay siya para dito.

Nasaan na muli ang ating Arnold von Winkelried sa mundong ito ngayon? Nasaan ang mga lalaking may integridad ?Nasaan ang kalalaking may lakas ng boob? Walang-wala na silang paninindigan at labis na silang nanlambot, hanggang sa hindi na nila clam kung saan na sila nakatayo. Diyos, hayaan Mo po akong makapanindigan taglay ang mga prinsipyo ng isang lalaki bilang isang ministro, ang Salita ni Jesus Cristo: Sapagkat ang langit at lupa ay lilipas, ngunit Ito ay hindi kai Ian man mabibigo. "Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia. Ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananaig laban dito." Tayo ay magsitayo. Pinagpalang bigkis, Sa ati'y nagbubuklod; Pagsasama-sama ng kapatiran Kapara ng sa Langit. Ngayon, maghawakan tayo ng kamay. Sa tuwing magkakawalay, Puso'y nalulumbay; Ngun it mananatili ang ating ugnayan, Magkikita tayong muli. Hanggang sa muli, Hanggang sa muli, Magkita tayo sa paanan ni Jesus; Hanggang sa muli, Hanggang sa muli, Ang Diyos ang magpala hanggang sa muli!

106 Magsiyuko tayo ngayon habang tinatapos ni Brother Neville ang gawain sa isang panalangin. Bumalik kayo mamayang gabi. Nag-aasam tayo rig isang dakilang gawain mamayang gabi dito sa tabernakulo. Pagpalain kayo ng Diyos

at ipanalangin n'yo ako; ipapanalangin ko kayo. Huwag ninyong isipin na isa akong panatiko, mga kaibigan. Huwag ninyong isipin na iginigiit ko ang anumang bagay sa inyo. Mahal ko kayo. At mayroon akong prinsipyo; iyan ay ang Biblia. Walang isa mang salita ang maaaring ibawas Dito. Hindi maaaring dagdagan Ito ng isa mang salita. Sinasampalatayanan ko Ito kung papaano Itong naisulat.

Magsiyuko na tayo. At ang ating tapat, butihing pastor ang magpapauwi sa kongregasyon. Pagpalain ka ng Diyos, Brother Neville.



www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7